

Artikulo

**ANG KAPWA, LOOB, AT UGNAYANG PULITIKAL
NG PANGULO AT MAMAMAYAN BATAY SA PAGSUSURI
NG MGA TALUMPATI NG PANGULO MULA 1986 HANGGANG 2013**

Jalton G. Taguibao

Department of Political Science

University of the Philippines (UP), Diliman, Quezon City

Tinatalakay sa papel na ito ang konsepto ng *kapwa* at *loob* sa konteksto ng pulitikalang Pilipino, partikular sa ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan. Ipinapakita sa pag-aaral na ito na nasasalamín ang *kapwa/pakikipagkapwa* sa mga talumpati at pagtatalumpati ng pangulo mula 1986 hanggang 2013. Bilang ambag, ninais ng may-akda na pag-aralan ang mga nasabing konsepto sa loob ng saklaw ng retorika ng pamumuno, gamit ang mga talumpati. Iba't iba ang antas at uri ng pakikitungo ng pangulo sa okasyon ng kanyang talumpati. Malawak ang uri ng interaksyon sa isang ugnayang pulitikal. Gayundin, maaaring magkaroon ang pakikipagtunguan sa ugnayang ito ng iba't ibang katangian tulad ng pagbibigay-alam, pag-aaruga, pagmamalasakit, at pakikiisa. Madarama ang *pakikipagkapwa* sa pagtatalumpati ng pangulo kasabay ng mga hayag at matatag na tendensya sa kanyang pakikipag-usap sa mamamayan. Sa kabilang dako, naging mahirap para sa pananaliksik na ipakita kung tunay nga bang nasasalamín ng *kapwa/pakikipagkapwa* ng pangulo ang kanyang *loob/kalooban*. Lumabas sa pagsusuri ang mga kakulangan at puna sa pamantayan ng pananaliksik, metodolohiya, at disenyong pampananaliksik na makakatulong sana sa pagtugon sa usaping ito. Nagtatapos ang artikulo sa paanyayang pagyamanin ang mga pilosopikal, metodolohikal, at praktikal na usapin sa pananaliksik upang maging mas makabuluhan at mas nagagamit ang interdisiplinaryo at multidisiplinaryong ugnayan ng *Sikolohiyang Pilipino*, *Pilipinolohiya*, at iba pang agham panlipunan.

This article discusses the concepts of kapwa and loob in the context of Philippine politics, particularly, in the relationship between the president and the citizens. The study examined the concepts of kapwa/pakikipagkapwa and how these have figured in the inaugural addresses and state of the nation speeches of the president from 1986 to 2013. As a contribution, the aforementioned concepts which are located within the scope of

rhetorical politics are examined through the textual analysis of the speeches. There are different types and levels of relations between the president and the public as reflected in these speech acts. These types range from informing, to expressions of concern, and involvement. Pakikipagkapwa can be sensed in the speeches of the president together with some consistent patterns and tendencies in the interaction between the president and the public-at-large. These patterns are observable across time. On the other hand, it became difficult for the research to establish if indeed the kapwa/pakikipagkapwa of the president sufficiently indicated or reflected his loob/kalooban. Deficits in conceptual and theoretical standards of evaluation, methodology, and research designs that may be useful in investigating loob/kalooban remain to be resolved. This article concludes with an invitation to scholars to further discuss philosophical, methodological, and practical issues in order to widen the prospects of interdisciplinary and multidisciplinary research among Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, and other social sciences.

PANIMULA

Kasabay ng makasaysayang pagtataguyod ng sistematikong pag-aaral ng kapangyarihan at pulitika ang pagyabong sa pagsusuri ng mga pinuno, ng kanilang pulitika at pamamahala. Hindi mapasubaliang ang pag-aaral ng mga pinuno—ang mga batayan ng kanilang kapangyarihan, mga gawain, mga pinahalalagahan, at ang pagtanggap sa mga ito ng kani-kanilang tagasunod—ay isang makabuluhang paksa sa disiplina ng agham pampulitika. Masasabing likas ang pagsisiyasat ng mga pinuno sa agham pampulitika dahil karaniwang katuwang ito ng pag-aaral ng kapangyarihan at pulitika.

Alinsunod dito, may pagtinging ang pag-aaral ng agham panlipunan sa Pilipinas ay madalas na gumagamit ng mga perspektibo, konsepto, at dalumat na Kanluranin (Enriquez 1978). Ayon kay Clemen Aquino (1999), bilang reaksyon sa matinding impluwensya ng Kanluraning perspektibo, pinasimulan noong dekada '70 ang pagbuo ng mga pananaw na nakaugat at may katuturan sa diwa, kultura, at lipunang Pilipino. Sa pamamagitan ito ng mga pananaliksik at akda nina Virgilio Enriquez, Prospero Covar, at Zeus Salazar. Ang pag-aaral ng mahahalagang konseptong may kinalaman dito ay ambag nina Enriquez, Covar, at Salazar. Sa larangan ng *Sikolohiyang Pilipino*, integral ang konsepto ng *kapwa* sa mga akda ni Enriquez. Ang *kapatiran* at *loob-labas-lalim* naman sa Pilipinolohiya ang lapit at perspektibong ginamit ni Covar sa Antropolohiya at ang *bayan* at *pantayong pananaw* naman ang mga konseptong siniyasat ni Salazar sa *Bagong Kasaysayan* (Aquino 1999; Paredes-Canilao at Babaran-Diaz 2013).

May mga sumunod na saliksik pagkatapos ng mga pinasimulan nina Enriquez, Covar, at Salazar. Nariyan ang pagbibigay-pokus, sa pamamagitan ng isang panimulang akda ni Dionisio Miranda, sa antropolohikal na pagsusuri sa moralidad ng Pilipino, partikular sa konsepto ng *loob* (Miranda 1989). Sa akdang ito, malawak na tinalakay ang iba't ibang konseptwal na aspeto ng *loob*—etikal,

sintetik, pansuri, at epekto nito sa pantaong pakikipag-ugnayan at relasyon. Dagdag pa rito, nabigyang-linaw rin ni Dioniso ang konsepto ng *pakikipagkapwa-loob* gamit ang perspektibo ng antropolohiya. Isa pang halimbawa ang paglilinang ni Aquino (1999) ng panimulang panlipunang pagbabanghay na kinatatampukan ng mga konseptong *kapwa*, *kapatiran*, at *bayan* mula sa tatlong pantas na nabanggit sa itaas.

Masasabi ring malakas ang impluwensya ng mga Kanluraning pananaw, teorya, at modelo na ginamit sa pag-aaral ng mga pinuno, pulitika, at pamamahala sa Pilipinas. Kung kaya't may ilang pantas na nagsimulang magsuri ng nasabing paksa sa paraang naaayon sa kontekso ng Pilipinas, gamit ang mga katutubong konsepto, kaisipan, at wika. Halimbawa, sa *Ikatlong Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, iniugnay ni Alexander Magno (1977) ang sikolohiya, pulitika, at lipunang Pilipino. Kasama ang iba pang pantas at intelektwal na sinusulong ang pag-aaral ng mga katutubong konsepto at pamamaraan sa lipunang Pilipino, inanyayahan ni Magno ang mga intelektwal na bigyang-pansin ang pulitikal na aspeto sa pagsusuri ng mga usapin upang maiangat ang isang aktibong panlipunang perspektibo.

Isa pa si Remigio Agpalo (1981, 1996) sa mga kilalang pantas ng agham pampulitika sa Pilipinas na nagdalumat ng mga konsepto at teorya ukol sa mga pinuno at pamamahala. Ang ilan sa kanyang kontribusyon sa pananaliksik na may kinalaman sa pag-aaral ng pulitika at pamamahala ay nailathala bilang *The Philippines: From Communal to Societal Pangulo Regime* (1981) at *Organic Heirarchical Paradigm* mula sa librong *Adventures in Political Science* (1996). Sa mga akdang ito, inilarawan ni Agpalo ang sistemang pulitikal ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga lapit at pananaw na mas sensitibo sa kultural at sosyal na pamamaraan bilang pagsusuri ng pulitikang Pilipino. Bukod dito, ipinakita ni Agpalo ang imahen ng *pangulo*, hango sa metapora ng katawang-tao kung saan ang *ulo* ang siyang gumagabay sa kahihinatnan ng *buong katawan*. Kung kaya't ang *pang-ulo* ay maaaring magsilbing isang modelo ng ugnayang pulitikal at pamunuan, gayunman, mas angkop sa lokal o maliliit na pamayanan. Ayon kay Agpalo, ang pulitikal na hamon ay ang mapalawak ang sakop ng modelo ng *pangulo* upang umabot ito sa panlipunang antas.

Masasabing kasunod ng pagtalakay ni Agpalo sa pamunuan, isang napakayamang limbag ang akda mula sa *Education for Life Foundation* (ELF) (1997) na kinatatampukan ng iba't ibang iskolar na nagsaliksik tungkol sa pamunuang bayan sa kasaysayan ng Pilipinas. Ipinakita ng akdang ito ang yaman at pagkakaiba-iba sa pamamaraan ng pamumuno sa lipunang Pilipino. Mula ang mga ito sa mga karanasan, paglalahad, at testimonyang gumagamit ng perspektibong pulitikal, sosyolohikal, sikolohikal, antropolohikal, at historiograpikal.

Mula sa mga nabanggit sa itaas, layunin ng papel na itong suriin ang mga konsepto ng *kapwa* at *loob* habang inuugnay ang mga ito sa mga pag-aaral sa mga pinuno at sa kanilang pamamahala sa konteksto ng pulitika sa Pilipinas. Gamit ang ilang ideya at kaisipan mula sa agham pampulitika, ninanais ng may-akdang suriin ang ugnayan sa pagitan ng mga nasabing konsepto sa panahon mula 1986 hanggang 2013.

Napili ang saklaw na panahon batay sa mungkahi ng ilang pantas at manunuri sa agham pampulitika na nagsabing simula ang panahong ito ng malawakang demokratisasyon sa Pilipinas (Miranda 1997; Ronas 2006). Mayroon ding obserbasyon na ang pulitikal na kondisyong saklaw ng pag-aaral ay panahon ng patuloy na pakikibaka—isang di-tapos na rebolusyon kung saan may kritikal na papel ang diskursong panlipunan (Ileto 1998). Dagdag pa, mahalaga ang kapanahunang ito kung isasalang-alang ang hamong hinaharap ng pamunuan at lipunan tungo sa konsolidasyong demokratiko (Miranda *et al.* 2011). Ilan lamang ang mga nabanggit sa mga dahilan kung bakit masasabing naangkop ang pagpili ng panahong ito. Maipapakita sa nasabing kapanahunan ang katatagan ng mga konseptong bibigyang-puna sa pagdaan ng iba't ibang pulitikal na administrasyon. Sa ganitong paraan, maaaring malaman kung hayag ang *kapwa* at *loob* sa relasyon ng pinuno at tagasunod sa panahon ng demokratisasyon.

Para sa empirikal na aspeto, siniyasat sa pag-aaral na ito ang mga talumpati ng mga pangulo—ang kanilang talumpati sa pagtanggap ng tungkulin o *inaugural address* at ang taunang talumpati ukol sa kalagayan ng bansa o *State of the Nation Address* (SONA). Pagbibigay-deskripsyon sa mga talumpating ito ang pangunahing layunin ng pagsisiyasat. Mahalaga sa ganitong pagsusuri ang saklaw na 1986 hanggang 2013 para maipakita ang pagkakatapat o pagkakaiba ng mga tema, paksain, antas ng atensyon sa mga usapin, at pinahahalagahan ng iba't ibang pangulo batay sa kanilang mga talumpati. Ang mga talumpating ito ang ginawang batayan ng kanilang pamumuno, pamamahala sa bayan, at pakikipag-ugnay sa mamamayan. Datapwa't may ilang kwantitatibong deskripsyong kasama sa saliksik, mas higit na gagamit ng mga kwalitatibong metodo at pagsusuri ang pagsisiyasat sa mga talumpati.

Higit sa lahat, layunin ng pagsusuring ito na malaman kung paano nagagamit ang laman ng mga talumpati at ang *pagtatalumpati* upang maipahayag at maparamdam ang *pakikipagkapwa* ng pangulo sa mamamayan at maipamalas ang iba't ibang aspeto ng kanyang *kalooban*. Isa lamang ito sa mga pamamaraan upang maipakita, gamit ang empirikal na pagsusuri, na kinakailangang patuloy na pag-aralan at susugan ang mga dominanteng pananaw ukol sa mga pinuno, pamamahala, at ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan. Inaasahang sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, maiuugnay ang mga konseptong nilinang nina Enriquez at Covar at ng agham pampulitika, partikular, sa pag-aaral ng mga pangulo at ng kanilang pamamahala.

RETORIKA AT UGNAYANG PULITIKAL

Sa kadahilanang gagamitin ang mga talumpati bilang batayan ng pagsusuri sa ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan, nararapat lamang na madalumat ang retorika sa konteksto ng kapangyarihan at pulitika. Higit pa, mahalaga ring mabigyang-linaw ang teoretisasyon hinggil sa retorika at (materyal na) realidad.

May ilang naunang akdang nagsusuri ng retorika at pulitika gamit ang piling teksto. Halimbawa nito ang kabanatang *Orators and the Crowd: Independence Politics, 1910-1914* ni Reynaldo Ileto

(1998) na mula sa librong *Filipinos and their Revolution: Event, Discourse and Historiography* na tumatalakay sa kapangyarihan ng mga talumpati, pahayag, at panukala sa paghuhubog ng diskurso ng kalayaan at nasyonalismo sa isang espesipikong kapanahunan. Ayon kay Iletto, ang mga pahayag, talumpati, at teksto ng mga personalidad sa nasabing kapanahunan ay nagbunga rin sa nasyonalismo at mga aksyong naiukol dito tulad ng maliliit na pag-aalsa, pagpapalaganap ng popular na radikalismo o pagpapalaganap ng mga ideya ng kalayaan. Nagbunga ang nabubuon diskurso buhat sa mga pahayag na ito ng sanga-sangang ugnayang ideolohikal at pulitikal. Ipinakita ni Iletto ang relasyon ng mga pahayag at diskurso sa pagbabago-bago sa konsepto ng “pulitikal” at ang pagbabagong-hugis o pagpapasapasa ng kapangyarihan sa iba’t ibang aktor at uri sa lipunan.

Sa kabilang dako, tinalakay naman ni Roberto Javier Jr. (2012) ang mga tayutay sa mga naunang talumpati ni Benigno Aquino III ukol sa pagbibigay-kahulugan at saysay sa “katiwalian” at “tuwid na daan.” Nagkaroon din ng mahalagang pagbanggit sa *kapwa* lalo na sa pagpapakita ng pakikitungo ng pangulo sa mamamayang inaanyayahang makiisa tungo sa “tuwid na daan.” Tulad ni Iletto, ipinakita sa akda ni Javier na napapaloob ang kapangyarihan at ugnayang pulitikal sa interaksyong bunga ng pagtatalumpati. Bukod dito, masasabing bahagi ang wika, talinghaga, at tayutay ng retorikal na mekanismong naghahatid ng isang makapangyarihan at malawakang diskurso ng pamunuan at ugnayang pulitikal sa pagitan ng isang pangulo at mamamayan.

Sa kasalukuyang pagsusuri, binibigyang-halaga ng may-akda ang retorika katulad ng mga naunang nabanggit. Kumbensyunal na binigyang-linaw ang pagkakaiba ng retorika—kung saan binibigyang-kabuluhan at saysay ang teksto, salita, sambit, at pahayag bilang batayan ng ideolohikal o pulitikal na aksyon—at kaugnay nito, ang realidad na bunga ng isang pragmatikong pananaw kung ano ang isang makabuluhang aksyon. Mahalaga ang paglilinaw na ito lalo na kung pag-uukulan ng pansin ang materyal na epekto ng retorika.

Ayon kina Ruth Wodak at Michael Meyer (2009), mahalaga ang pagsusuri ng retorikal na mekanismo bilang pulitikal na batayan ng aksyon lalo na sa pag-uungkat ng lokasyon ng kapangyarihan at pulitikal na diskurso. Dahil bunga ang diskurso ng kolyusyon sa pagitan ng sosyal, pulitikal, at linggwistikal na mga kondisyon, sinasaklaw nito ang iba’t ibang aktor sa isang sistema ng mga simbolo at pagpapakahulugan. Kung kaya’t masasabing may likas na interaksyon ang relasyon ng teksto at konteksto at masustansyang nagsasalarawan ng mga ugnayan ng kapangyarihan ang mga simbolo, naratibo, at pagpapakahulugan sa likod ng retorika. Hindi nasa labas ng materyal na realidad ang mga linggwistikong elemento tulad ng mga salita, baybayin, sambit, at pahayag, bagkus, saklaw ang mga ito ng materyalismo.

Alinsunod dito, dinagdagan ni Josh Hanan (2011) ang perspektibo hinggil sa retorika na hindi lamang bilang aksyon mula sa sistema ng mga simbolo o nasa dialektikong relasyon katambal ang realidad kundi isang makapangyarihang artikulasyong tahasang nakakaapekto sa realidad. Mayroon itong sariling mga bunga—kapangyarihan, diskurso, at ugnayang pulitikal. Mahalagang panimula ang ganitong uri ng teoretisasyon upang maipakitang ang pagsusuri ng teksto ay hindi lamang

pagsisiyasat sa kung ano ang mga naipahayag ng tagapagsalita kundi higit pa, isang indikasyon sa hugis, moda, at uri ng ugnayang pulitikal.

Bukod sa posisyong ito ukol sa retorika at ugnayang pulitikal, nais ng may-akdang makapag-ambag sa pag-aaral ng mga konsepto mula sa *Sikolohiyang Pilipino* at agham pampulitika, gamit ang mga talumpati mula sa mas malawak na peryodisasyon.

KONSEPTO NG KAPWA AT LOOB

Ayon sa obserbasyon ni Jose Antonio Clemente (2011), kabilang ang konsepto, teorya, at modelo ng *kapwa* ni Enriquez sa mga pinakapinag-usapan, pinag-aralan, at binigyang-pansin nitong nakaraang tatlong dekada sa *Sikolohiyang Pilipino*. Ipinakita ni Enriquez ang kahalagahan ng *kapwa* bilang isang integral na konsepto sa pag-aaral ng pakikipag-ugnayan o panlipunang interaksyon ng mga Pilipino (Aquino 1999). Sa kanyang nailathalang artikulong pinamagatang *Kapwa: A Core Concept in Philippine Social Psychology*, inilahad ni Enriquez (1978) ang pag-aaral hinggil sa mga uri ng relasyon at ugnayan sa lipunan. Bilang tugon sa konsepto ng *pakikisama* na iniharap ni Frank Lynch (1964), binalangkas at binigyang-linaw ni Enriquez, sa tulong ni Carmen Santiago, ang iba't ibang antas ng interaksyon.

Ayon kina Enriquez at Santiago, may dalawang kategorya ng interaksyon: *ibang tao* at *hindi ibang tao* (Enriquez 1977, 1978). Sa ilalim nito, may walong antas at uri ng ugnayang matatagpuan sa wikang Filipino at maaaring gamitin sa pananaliksik. Ang mga ito ang sumusunod: *pakikitungo*, *pakikisalamuha*, *pakikilahok*, *pakikibagay*, *pakikisama*, *pakikipagpalagayang-loob*, *pakikisangkot*, at *pakikiisa*.

Dagdag pa, para kay Enriquez (1977, 1978), hindi lamang mga antas ng pakikipag-ugnayan ang mga ito. Bumubuo rin sila ng iskalang maaaring gamitin bilang batayan o pamantayan sa pagsusuri ng mga mananaliksik na nais maglarawan sa iba't ibang klaseng ugnayan: mula *pakikitungo* (sa *ibang tao* na maaaring di-kilala) hanggang sa *pakikiisa* (sa taong kilala at mayroon nang namamagitang kaugnayan). Kung ihahambing sa proposisyon ni Lynch na nauukol lamang ang ugnayan sa *pakikisama*, mas pinayaman ni Enriquez ang *kapwa* na may nakaugnay na iba't ibang heuristikong kategorisasyon. Samakatwid, isa lamang ang *pakikisama* sa mga uri ng ugnayang sinasabing may kiling sa Kanluraning oryentasyon dahil sa gamit at pagpapatibay nito sa kolonyal na pag-iisip—mas malapit ito sa *pakikibagay* at *pakikisalamuha*. Kinuwestyon ni Enriquez ang pagpapahalaga sa *pakikisama* bilang isang paninindigan.

Para kay Enriquez, ang *kapwa/pakikipagkapwa* ang batayang konseptong nasa kaibuturan ng anumang uri o antas ng pakikipag-ugnay sa kontekstong Pilipino (tingnan ang Hanayan 1) (Enriquez 1978; Aquino 1999). Ayon sa kanya, sumasaklaw ang *kapwa/pakikipagkapwa* sa pakikipag-ugnayan sa *ibang tao* at *hindi ibang tao* kung kaya't maaaring makatulong ang konsepto ng *kapwa/pakikipagkapwa* sa pagpapaliwanag sa kahit na anong uri ng ugnayan. Likas sa ugnayang

Hanayan 1
Ang Kapwa Bilang Batayang Konsepto

CORE VALUE	KAPWA {Pagkatao} (Shared Identity)		
Linking Socio-Personal Values	Kagandahang-loob {Pagkamakatao} (Shared Humanity)		
Associated Societal Values	Karangalan (Dignity)	Katarungan (Justice)	Kalayaan (Freedom)

Enriquez 1978


Pilipino ang *kapwa* na pinag-iba ni Enriquez sa maluwag na mga salin nito sa wikang ingles na “both” at “fellow-being.”

Hindi lamang paglalarawan ng ugnayan ang *pakikipagkapwa*. Pagbibigay-saysay rin ito sa isang paninindigan (normatibo) ukol sa pagtingin at pagtrato sa pagkatao at dignidad. Mahalagang masabi na ayon kay Enriquez, hindi nagmumula ang *kapwa* sa pagtingin ng *ibang tao* o yaong *labas* sa sarili. Sa halip, nagmumula ito sa mismong kamalayan ng isang tao: na ang kanya’y isang “shared identity” o “shared inner self.” Sa puntong ito, masasabing kumpara sa Kanluraning pananaw na may pagkakahiwalay ng “self” at “others,” ang *kapwa* at *sarili* sa ugnayang Pilipino ay likas na magkasama o di kaya’y magkaisa. Ang *pakikipagkapwa* ang malalim na pagtanggap sa pagkatao na may pagtratong pagkakapantay-pantay. Nagbibigay-halaga ang ganitong pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino sa dangal at identidad (Pe-Pua 2000).

Dahil sa may implikasyon ang konsepto ng *kapwa* sa pagkatao, masasabing mahalaga ang kaugnayan nito sa konsepto ng *loob* ni Covar (1998). Sa Pilipinolohiya, nilinang ni Covar ang dalumat ng pagkataong Pilipino. Upang lalong mabigyan ng hugis ang kanyang pagpapaliwanag, ginamit ni Covar ang metapora ng banga para ipakita ang diwa ng pagkataong Pinoy na may *labas* (exteriority), *loob* (interiority), at *lalim* (depth). Maiuugnay rin ang *loob* at *labas* sa *kaluluwa* at *katawan* (tingnan ang Figura 1) (Jose at Navarro 2004). Makabuluhan ang koneksyon sa pagitan ng pagkataong Pilipino at *pakikipagkapwa*. Ang kaluluwa at budhi, na siyang *panloob* na aspeto ng pagkatao, ang nagsisilbing batayan at pinanggagalingan ng *pakikitungo* at *pakikipagkapwa*. Kung kaya’t masasabing sumasalamin ang antas at uri ng *pakikipagkapwa* sa pagkatao ng nakikipagkapwa.

Tulad ni Enriquez, kinuwestyon ni Covar (1998) ang Kanluraning pananaw na gamit sa pag-aaral ng Pilipino. Higit pa rito, ipinakita ni Covar sa kanyang mga saliksik ang implikasyon ng pagkataong Pilipino sa mga konsepto at uri ng ugnayan tulad ng sambayanan, samahan, pamayanan, at sambayanan. Bilang paglilinaw sa paggamit ni Covar ng “structural functionalism,” ang pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino, ayon sa kanya, ay hindi lamang nakabatay sa mga gawaing nakaukol sa mga istrukturang panlipunan kundi higit na nakaugat sa pag-uugnayan ng mga tao (Covar 1998; Aquino 1999). Isinama ito ni Enriquez sa pagbabanghay ng kanyang mga konsepto ukol sa istruktura

Figura 1
Balangkas-Dalumat ng Pagkataong Pilipino



Jose at Navarro 2004

at mga “*behavioral pattern*” ng mga Pilipino. May epekto ang *kalooban*—maganda man o masama—sa pang-indibidwal at sosyal na dimensyon (pagkamakatao).

Bilang karagdagan, ipinakita ni Miranda (1989) ang kumpleksidad ng konsepto ng *loob* bilang pagpapaliwanag sa pagpapakatao sa konteksto ng kulturang Pilipino. Bilang bahagi ng katutubong pilosopikal na antropolohiya, kinakailangang siyasatin ang *loob* upang maintindihan ang ebolusyon ng mga katutubong ideya, gayundin ang mga likas na pinahahalagahan sa lipunang Pilipino. Iniugnay rin ni Miranda ang *loob* sa *pakikipagkapwa*, gayundin sa iba’t ibang ekspresyon nito sa *labas* ng sarili.

Sa pagdalumat ukol sa *loob*, lumalabas na bilang elemento ng pagkatao, maaaring sumaklaw ang *loob* sa emosyon o higit pa rito, maging batayan ng aksyon. Gumagalaw ang *loob* papalabas bilang aksyon (Salazar 1977, na binanggit sa Alejo 1990). Mahalaga ring tukuyin ang *loob* sa isang konteksto dahil hinuhugis ng konteksto ang kabuluhan at saysay ng *loob*. Kung kaya’t ang pagpapakatao na ang *loob* ang pinagbabatayan ay maaaring maapektuhan ng mga kondisyon at istrukturang pumapaligid sa nagpapakatao (Ileto 1979, na binanggit sa Alejo 1990).

Sa konteksto ng Pilipinas na sumasailalim sa kapanahunan ng demokratisasyon, mahalaga ang konsepto ng *kapwa* at *loob* lalo na sa ugnayan at pakikipagtunguhan ng pamunuan at lipunan. Ang kalidad ng demokratisasyon ay ayon sa distribusyon, konsentrasyon, at relasyon ng kapangyarihan sa pagitan ng pamunuan at ng lipunan. Ang demokratikong pamamahala ay masasabing likas na plural kung saan may lantaran at tanggap na partisipasyon ng iba’t ibang aktor sa lipunan. Sa

gayun, masasabing maisasalamang sa pakikipagtunguhan ng mga aktor sa isa't isa ang kani-kaniyang relasyong pulitikal.

Ang uri, antas, at pagkikipagpalitan at pagpapahiwatig ng *kapwa* at *loob* sa pagitan ng pangulo at mamamayan ay nakakapaghugis sa uri ng pulitika na mayroon sa bawat relasyon. Samakatwid, tuwirang nakabatay ang pulitikal na relasyon ng pangulo at mamamayan sa kanilang pagpapakatao at pakikipagtunguhan kung kaya't mahalaga ang *pakikipagkapwa* at *pakikipagkalooban* nila sa isa't isa.

PAGDADALUMAT SA UGNAYANG PULITIKAL SA PILIPINAS

Isa sa mga ninanais na ambag ng papel na ito ang maipakita ang lugar at saysay ng *kapwa/pakikipagkapwa* at *loob/kalooban* sa usapin ng ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan. Dahil sa sinasaklaw ng *kapwa* (*ibang tao* at *hindi ibang tao*) ang ugnayang pulitikal, mas nagkakaroon ng pag-iisa at nalulusaw ang mga kategorikal at teoretikal na hangganan ng ugnayang pantao na dulot ng impluwensya ng mga Kanluraning modelo. Tunay na magkakaroon ng malawakang pagbabago sa pagsusuri ng pulitika sa Pilipinas kung mabibigyan ang mga konseptong ito ng pagkakataong maisama sa pagdadalumat sa agham pampulitika. Paanong maisasama at mabibigyang-saysay ang konsepto ng *kapwa* at *loob* sa konteksto ng ugnayang pulitikal sa Pilipinas? Anong mga pamamaraan at pagdadalumat ang kinakailangan upang mabigyan ng pagkakataong lalong maintindihan ang pulitika at pamamahala gamit ang mga konseptong ito na may katuturan sa diwa, kultura, at lipunang Pilipino?

Bilang panimulang tugon sa mga tanong na ito, kinakailangang magkaroon ng kritikal na pagtingin at pagsusuri sa mga namamayaning pananaw ukol sa pulitikang Pilipino. Ito ay upang makita ang mga puwang na maaaring maging daan sa pag-aangkop ng *kapwa* at *loob* sa diskurso ng pulitika.

Maraming pananaw at modelo ang ginagamit upang isalarawan ang pulitikang Pilipino. Masasabing ang dominanteng bilang sa mga ito ay Kanluranin ang oryentasyon. Mayaman ang dalumat ukol sa uri at modelo pulitikang Pilipino (Kasuya at Quimpo 2010). Halimbawa, nariyan ang “*weak state*” na pagtingin nina Temario Rivera at Alfred McCoy kung saan makapangyarihan at naghaharing-uri ang namumuno sa lipunang Pilipino. Madalas sa kanila’y binubuo ng mga magkakadugo o magkakapamilya. Pagsasaalang-alang ng lakas, karahasan, at “*bossism*” na lagpas sa diskurso ng patron-kliyentelismo naman ang modelo mula kay John Sidel. Para naman kay Nathan Gilbert Quimpo, may “*predatory state*” ang Pilipinas lalo na sa panahon pagkatapos ng Batas Militar na dulot ng diktaturya ni Ferdinand Marcos. Ayon sa kanya, ang mga tradisyunal na pulitiko na patuloy sa kanilang pandarambong at korapsyon ay lantarang sinisira ang mga demokratikong institusyon para sa kanilang pansariling interes. Hindi pa rin nagbabago ang ganitong palakad. Sa kabilang dako, nariyan ang “*patrimonial oligarchic politics*” ni Paul Hutchcroft na bunga ng patuloy na pagpapatakbo sa burukrasyang suportado ang materyal na interes ng oligarkiya. Ang huli ang tatlong porma ng “*bourgeois politics*” sa Pilipinas (*populism, clientelism, at reformism*)

ni Mark Thompson. Ilan lamang ang mga ito sa mga kilalang paglalarawan sa pulitikang Pilipino (Kasuya at Quimpo 2010).

Isa sa mga pinakakilalang kontribusyon sa pag-aaral sa pulitikang Pilipino ang “*societal pangulo regime*” ni Agpalo (1981, 1996). Ang pagdalumat na ito ang masasabing isa sa mga nauna ukol sa pulitikal na sistema ng Pilipinas. Sensitibo ang binalangkas ni Agpalo sa pag-aangkop ng kultural na konteksto at istrukturang organiko sa pulitikal na ugnayan ng mga Pilipino. Mahalaga ang kaisipan sa likod ng dalumat na “*societal pangulo regime*” kung saan ang pagkakaroon ng ganitong sistemang pulitikal ay may aspeto ng pagmamalasakit, pagmamahalan, at higit sa lahat, pagdadamayan. Subalit inamin ni Agpalo na ang halimbawa ng ginamit niya—ang barangay—ay maliit, “*homogenous,*” at “*self-sufficient,*” at ang hamon ay kung paanong makakadalumat ng kaparehong sistema na kayang sakupin ang kabuuan ng lipunan.

Masasabing sa pagbuo ng mga pananaw na ito, naging malaki ang ambag ng modelo ng “*patron clientelism*” bilang isang impluwensyal na pananaw at pamamaraan ng pagpapaliwanag sa pulitikang Pilipino. Samakatwid, maaaring makatulong ang kritikal na pagsusuri ng “*patron clientelism*” sa pagbuo ng isang angkop na modelo ng pulitika sa lipunang Pilipino. Ang kritikal na pagsusuri ang isa sa mahalagang ambag ng komentaryo ni Soon Chuan Yean (2008) hinggil sa lokal na pulitika at balangkas ng “*patron clientelism.*” Inilahad niya ang iba’t ibang modelo at pananaw na ginagamit sa pagsusuri ng pulitika sa Pilipinas, kasama na rito ang mga kontribusyon ni Carl Lande, Mary Hollsteiner, Agpalo, at David Wurfel. Binigyang-deskripsyon ni Soon ang patron—ang tagabigay at tagapamahagi ng materyal na tulong sa mga kliyente (“masa” para kay Soon) na dahil sa *pakikisama, utang na loob,* at *hiya,* ay tila obligadong ibalik ang pabor sa iba’t ibang klase ng paraan. Kung hindi magkakaroon ng pagbabalik o pagpapalit sa mga pabor na naibigay ng patron, may istigmatisasyon sa tumatanggap bilang *walang utang na loob* o di kaya’y *walang hiya* (Soon 2008).

Ipinakita rin ni Soon (2008) ang ilan sa mga kritisismo sa balangkas ng “*patron clientelism*” na nagsilabasan noong dekada ‘90. Ang una ang maling pag-aangkop sa identidad ng mga Pilipino batay at kasabay ng negatibong “*othering*” ng kulturang Pilipino. Dahil dito, nabigyang-saysay ang mga di-karaniwang katangian ng mga Pilipino ayon sa Kanluraning pagtingin at sa kaso ng “*patron clientelism,*” naikahon ang masa bilang bulag na mga tagasunod at madaling napapasailalim sa mga patron. Sa ganitong paraan, nakabatay ang paglalarawan sa pulitikang Pilipino sa negatibong imahen ng isang sistemang pulitikal, kabaliktaran ng ideyal at minimithing sistema sa Kanluran, partikular ng mga Amerikano.

Isa pang kritisismo ay batay sa pagtinging hindi nagmumula ang pulitika sa materyal na pakikipagpalitang isang aspeto ng “*patron clientelism*” kundi sa kultural, wika, diwa, etikal, at moral na mga aspeto ng pang-araw-araw na buhay-pulitika. Binigyang-diin ito sa mga pananaliksik nina Benedict Anderson, Benedict Kerkvliet, Mark Turner, Resil Mojares, Myrna Alejo, at Fenella Cannell (Soon 2008). Samakatwid, maaaring suriin ang pulitikang Pilipino hindi lamang batay sa materyal na aspeto o pagpapalitan ng materyal na mga bagay sa *loob* ng isang istruktura ng

pakikipag-ugnayan, kundi batay rin sa sistema ng kahulugan, diwa, at kultura. Higit pa rito, ang paglalarawan sa isang ugnayang pulitikal ay maaaring mapagyaman ng mga konseptong may kinalaman sa mga pinahahalagahan, ugnayang sosyal, at pagkatao ng mga Pilipino.

Alinsunod dito, masasabing maaaring gamitin ang konsepto ng *kapwa* at *loob* upang ipakita ang sikolohikal at antropolohikal na mga aspeto ng isang ugnayang pulitikal sa Pilipinas. Kung isusulong ito bilang proposisyon, lalabas na iba't iba ang magiging pagtangi sa mga pulitikal na pinuno at kanilang tagasunod. Dahil sa ang katuturan ng *kapwa* ay ang pinag-isang sarili at iba o higit pa ang pagkawala ng iba, sasaklaw ito sa iba't ibang uri ng kategorya ng pagtutunguhan sa lipunan. Sa isang pulitikal na ugnayan, babaguhin ng konsepto ng *kapwa* ang pagkakahiwalay at di-pagkakapantay ng pinuno at tagasunod. Dahil sa may *pakikipagkapwa* na namamagitan sa kanila, maituturing ang pagpapakatao nila sa isa't isa na isang paninindigan. Kung sa pananaw ng "*patron-clientelism*" ay may pagkakaiba sa uri kung saan pinapalabas na laging mas nakatataas ang patron sa kliyente o tagasunod, sa isang ugnayang pulitikal na may *pakikipagkapwa* o *pakikipagkapwa-tao*, isang normatibong paninindigang magkapantay ang dalawang ito. May pagtingin at pagkilala sa katauhan at dignidad ng *kapwa* bilang isang kasukat o kapantay (Aquino 1999).

Kung iugnay ang konsepto ng *loob/kalooban* ni Covar (1998), ano ang magiging implikasyon sa mga *kalooban* ng pinuno at tagasunod kung may *pakikipagkapwa-tao* sa kanilang ugnayang pulitikal? Malinaw na maaaring maging repleksyon ng antas ng pakikipagtunguhan o *pakikipagkapwa* ang uri ng *kalooban* na mayroon ang mga katauhan sa isang ugnayang pulitikal. Ano/anu-anong pamantayan o batayan ang maaaring magamit ng mga mananaliksik upang maipakita ang *loob* ng pinuno at tagasunod sa isang pulitikal na relasyon? Mariing sinabi ni Enriquez (1977, 1978) na bukod sa dimensyong sosyo-sikolohikal, ang *pakikipagkapwa* ay may moral at normatibong aspeto bilang isang paninindigan kung kaya't ang mga transaksyon, kilos o gawa na napapaloob sa nasabing ugnayan ay nararapat na hindi eksploytatibo o di kaya'y walang tinatagong mapanlinlang na motibo. Sa puntong ito, naaayon ang *kagandahang-loob (shared humanity)*, bilang katuwang na paninindigan ng *pakikipagkapwa* sa kabutihan, kabaitan, pagbibigay, at kagandahang-asal mula sa kabutihan ng puso.

MGA TALUMPATI AT PAGTATALUMPATI

Tulad ng nasabi sa panimula ng papel na ito, upang malaman ang puwang at lugar ng konsepto ng *kapwa/pakikipagkapwa* at *loob/kalooban* sa ugnayang pulitikal, susuriin ang mga okasyon ng pampublikong pagtatalumpati ng mga pangulo ng Pilipinas na saklaw sa panahon mula 1986 hanggang 2013. Ginawang empirikal na batayan ang mga talumpati ng pagtanggap sa tungkulin o *inaugural address* at taunang talumpati ukol sa kalagayan ng bansa o *State of the Nation Address* (SONA). Inasahang sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga talumpating ito, maipapakita kung hayag at matatag ang mga tendensya ng mga pangulo, lalo na sa mga paraang may kinalaman sa kanilang

pakikitungo sa mamamayang tagapakinig. Sa kabuuan, 6 na talumpati sa pagtanggap ng tungkulin at 27 naman na talumpati ukol sa kalagayan ng bansa ang sinuri sa pag-aaral na ito.

Madalas na nagaganap pagkatapos ng isang pambansang eleksyon ang mga talumpati ng mga pangulo bilang pagtanggap nila sa kanilang tungkulin. Masasabing tanging sa panahon nina Corazon Aquino noong 1986 at Gloria Macapagal-Arroyo noong 2001 nagkaroon ng pagkakaiba. Regular na nagaganap ang taunang talumpati ukol sa kalagayan ng bansa alinsunod sa Artikulo VII, Seksyon 23 ng Konstitusyon ng Pilipinas (RP 1987). Sa ikalimang Republika na nagsimula noong 1987 sa ilalim ng administrasyon ni Aquino, nagaganap ang taunang SONA tuwing Hulyo. Ang talumpating ito ay hindi lamang ibinibigay alinsunod sa okasyon ng pagbubukas ng sesyon sa Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso ng Pilipinas kundi okasyon din ito upang ipahayag ng pangulo sa taumbayan ang kanyang pagsusuri sa kalagayan ng bansa at gayundin, upang imungkahi ang kanyang agenda para sa lehislatura. Sa pagdaan ng panahon, dala ng mga pagbabago sa teknolohiya ng brodkast at unti-unting pagbilis ng transmisyong impormasyon, mas lumawak at lumayo ang inaabot ng talumpati ng pangulo. Mas mabilis nang umaabot ito sa iba't ibang lugar, pamayanan, at mamamayan sa loob at labas ng Pilipinas.

Karamihan sa mga talumpati sa koleksyong ito ay naisulat sa wikang Ingles. Napasimulan ang ganitong kalakaran noong panahon ni Aquino. Maoobserbahan na sa mga talumpating ito, tanging ang kina Joseph Estrada at Aquino III ang naisulat sa wikang Filipino. Malaking bahagi ng mga talumpati ni Estrada ang naisulat sa wikang Filipino, ngunit mayroon pa ring mga bahaging nasa Ingles. Kumpara kay Estrada, ang kabuuan ng mga talumpating ibinigay ni Aquino III ay naisulat gamit ang wikang Filipino. Ang pagkakaiba-iba sa pagkakasulat sa mga talumpati ng mga pangulo ay may kaakibat na isyu at mga limitasyon sa metodolohiya at sa disenyo ng pananaliksik. Mabibigyan ito ng puna sa ibang seksyon ng artikulong ito.

Siniyasat ang bawat talumpati ayon sa mga (1) espesipikong tema, (2) atensyon sa mga tema, (3) “sino” ang tinutukoy gamit ang panghalip, at (4) ang pamamaraan ng pakikipag-usap. Tiningnan ang iba't ibang isyung binigyang-diin at pagpapaliwanag ng pangulo, gayundin ang pamamaraan kung paano ito ipinabatid sa mga tagapakinig. Sinuri ang mga ito ayon sa pagtinging ang mga talumpati ay di lamang opisyal na pagmumungkahing binibigyan ng awtorisasyon ng pangulo kundi isa ring okasyon ng pagmumungkahi at pakikitungo sa mamamayan. May basbas ng pangulo ang pagkakasulat, pagpapakahulugan, at saysay ng mga ito. Samakatwid, may pananagutan ang pangulo sa titik at pagkakasulat ng kanyang tinalumpati. Kwalitatibong metodo ang ginamit sa pagsusuri ng mga talumpati. Nakalap ang mga talumpati mula sa opisyal na websayt ng pamahalaan, ang *Official Gazette of the Republic of the Philippines* (RP 1986-2010, 1987-2013) na ginamitan ng analisis ng teksto bilang disenyo ng pagususuri upang mabigyan ng deskripsyon ang ebidensya.

Paglalarawan at Paghahambing ng mga Talumpati

Ang talumpati ng pagtanggap ng tungkulin ang unang pampublikong paglalahad at pakikipag-usap ng pangulo sa mamamayan. Pagkatapos ng panunumpa bilang pangulo ng Pilipinas, nagiging daan ang talumpati upang maipabatid ng bagong hirang na pangulo ang buod ng kanyang magiging pamunuan o administrasyon. May mga pagkakapareho at pagkakaiba ang mga tema sa bawat talumpati pagkatapos ng panunumpa at pagkakahirang bilang pangulo. Mula kina Aquino (1986), Fidel Ramos (1992), Estrada (1998), Macapagal-Arroyo (2001, 2004), at Aquino III (2010) ang mga ikinumparang talumpati.

Sa konteksto ng mga talumpating nakasaad sa itaas, may mga temang nanatili at may mga patuloy na nagbabago. Halimbawa, isang temang nananatili sa lahat ng mga talumpati ang demokrasya sa Pilipinas sa iba't ibang kapanahunan. Mula sa panunumbalik nito sa panahon ni Aquino at pagpapalawig at pagsasabuhay nito sa administrasyon ni Ramos, binigyan ng iba't ibang pagpapakahulugan ang demokrasya. Pagkatapos ng panahon ng diktaturya ni Marcos, iba't ibang pagpapahiwatig sa kalayaan ang binigyang-diin ni Aquino at Ramos tulad ng proteksyon sa karapatang pantao, matatag na pamamahala, at pangkabuhayang pag-unlad.

...I inherited an economy in shambles and a polity with no institutions save my Presidency to serve as the cornerstone of the new democracy that we set out to build... I vowed to end all threats to our democracy by the end of my term. We shall make good on that pledge... Now Philippine democracy rests solidly upon the three pillars of freedom: the President, the Supreme Court, and Congress (Aquino 1987).

...Philippine democracy is our unique comparative advantage in the new global order. Only democracy can release the spirit of enterprise and creativity among our people, and without freedom, economic growth is meaningless. And so, freedom, markets, and progress go together... we must strengthen the institutions of direct democracy installed in the 1987 Constitution because accountability is the very essence of representative government... to improve qualitatively the state's capacity to promote the interests of the national community, even as we recognize the people's right enshrined in the same Constitution to seek its improvement (Ramos 1997).

Para kay Estrada, tunay na kasarinlan ang demokrasya sa harap ng pagpapaalis sa mga base militar ng Estados Unidos at higit pa rito, para sa kalayaan laban sa kahirapan at korapsyon. Sa pamamagitan ito ng pagbibigay-pansin sa pagpapaunlad at wastong pamamahagi ng serbisyong pampubliko.

It is said that my stand as a senator against the US bases treaty, in the face of strong public opinion and superpower pressure, disqualifies me as President from

endorsing the visiting forces agreement with the United States. On the contrary, because I stood up for the Philippine sovereignty in 1991, now as your President, I have the moral right to stand up for Philippine security today (Estrada 1998).

As the war on graft intensifies, the war on poverty continues. Our premise is that the most effective way of eradicating poverty is through sound, non-inflationary growth and development. This, however, must be complemented by focused interventions that aim directly at poverty reduction (Estrada 2000).

Nakakamit naman ang demokrasya para kay Macapagal-Arroyo sa pamamagitan ng pagpapatatag sa republika at paghahatid ng maayos na serbisyo publikong nakakatugon sa mga hamon ng panahon.

My countrymen, the fine stone I should like to add to the edifice of our nation, right above the stone of social justice that my father left behind, is a strong republic. Two essential features mark out a strong republic. The first is independence from class and sectoral interests so that it stands for the interests of the people rather than of a powerful minority. The second is the capacity, represented through strong institutions and a strong bureaucracy, to execute good policy and deliver essential services—the things that only governments can do (Macapagal-Arroyo 2002).

Samantala, para naman kay Aquino III, nakaugat ang kanyang pagtalakay sa demokrasya sa kanyang sarili at mga magulang na mga bayaning lumaban sa diktaturya, pandarambong, at korapsyon. Binigyang-diin din ni Aquino III ang produktibong kontribusyon at kapakinabangan ng bawat mamamayan bilang “tunay na lakas ng bayan” at bilang bahagi ng isang bansa.

Nilabanan ng aking ama ang diktaturya at ibinuwis niya ang kanyang buhay para tubusin ang ating demokrasya. Inalay ng aking ina ang kanyang buhay upang pangalagaan ang demokrasyang ito. Ilalaan ko ang aking buhay para siguraduhin na ang ating demokrasya ay kapaki-pakinabang sa bawat isa... Pagkatapos ng bilangan, pinatunayan ninyo na ang tao ang tunay na lakas ng bayan. Ito ang kahalagahan ng ating demokrasya. Ito ang pundasyon ng ating pagkakaisa. Nangampanya tayo para sa pagbabago. Dahil dito taas-noo muli ang Pilipino. Tayong lahat ay kabilang sa isang bansa kung saan maaari nang mangarap muli (Aquino III 2010).

Isa pang nananatiling tema ang kani-kanilang pamamaraan ng pagsasaayos o reporma sa lipunan. Napapaloob ang bawat pangulo sa konteksto kung saan nangangailangan ng pagbabago mula sa “luma”—lumang pamamalakad, lumang ekonomiya o lumang pulitika. Para kay Aquino, ang tugon para sa pagsasaayos ay kaugnay ng pagbabago mula sa pinagdaanang diktaturya.

Dictatorship had done nothing but make more of our people poorer. It also made us sicker. The prevalence of malnutrition among our young and the incidence of birth fatalities had risen at alarming rates... I responded with an economic reform program aimed at recovery in the short, and sustainable growth in the long run. More concretely, it addressed itself to the basic problems of unemployment and underemployment, and the consequent mass poverty. The program calls for comprehensive structural reforms of the internal economy, complemented by no less important external economic cooperation (Aquino 1987).

Tulad kay Aquino, pagsasaayos at pagpapatibay ng mga reporma sa ekonomiya ang kay Ramos lalo na sa distribusyon ng yaman para sa mas nakararaming Pilipino.

Considerable stability has been attained in the economy as efforts at stabilization, restructuring, and reform over the last six years have borne fruit. But our people still live under the weight of many problems. The indicators of national life tell us just how heavy is this burden: The top 20 percent of Filipino families receives 50 percent of our country's total household income; the lowest 20 percent receives only 5 percent. At least 5.8 million families—over half of all our households—do not earn enough to meet their basic needs (Ramos 1992).

Para naman kay Estrada, mahalaga ang pagbubuklod at tulongan sa reporma ng ekonomiya lalo na sa panahong naranasan ang krisis pinansyal sa Asya noong simula ng kanyang panunungkulan.

Sapagkat dapat lamang na ako ay makisama sa lahat na ating mamamayan, kasama man o katunggali, kaibigan o kalaban. Bakit? Sapagka't iisa lamang ang ating bayan, iisa lamang ang ating landas, at kung hindi tayo magsasama-sama sa isang tunay na bukluran, kanino pa kaya, at kailan pa, kundi ngayon? Ngayon na—sapagkat ang hinaharap ng ating bansang Pilipino ay lubhang mabigat, lubhang malalim. Ang regional currency crisis ay paghamon hindi lamang sa ating mga bangko o mga negosyante, kundi sa bawa't pangkaraniwang mamamayan (Estrada 1998).

Repormang pulitikal at pagpapaunlad ng ekonomiya ang nasa sentro ng administrasyon ni Macapagal-Arroyo.

We must change the character of our politics, in order create fertile ground for true reforms. Our politics of personality and patronage must give way to a new politics of party programs and process of dialogue with the people... Politics and political power as traditionally practiced and used in the Philippines are among the roots of the social and economic inequities that characterize our national problems. Thus, to achieve true reforms, we need to outgrow our traditional brand of politics based on patronage and personality. Traditional politics is the

politics of the status quo. It is a structural part of our problem... To tap the opportunities, we need an economic philosophy of transparency and private enterprise, for these are the catalysts that nurture the entrepreneurial spirit to be globally competitive (Macapagal-Arroyo 2001).

Ang pagsasaayos para sa mabuting pamamalakad sa pamahalaan mula sa kultura ng korapsyon ng nakaraang di-makaturungan at mapang-abusong pamunuan ang naging pokus ng mga reporma ni Aquino III. Higit dito, naisakonteksto ni Aquino III ang reporma sa pamamagitan ng pagsasalarawan sa mga Pilipino.

...huwag po sana nating lilimutin: masasayang lang ang lahat ng ating narating kung hindi tuluyang maiwawaksi ang kultura ng korapsyon na dinatnan natin (Aquino III 2011).

Anuman pong pagbabagong tinatamasa natin ngayon ay naabot dahil hindi tayo nakuntentong sumunod lamang sa dinatnang status quo ng pamamahala... Nakikinig sa katuwiran ang Pilipino; kapag ipinakita mong malasakit ang iyong batayang prinsipyo, handa tayong makiisa (Aquino III 2013).

Mapapansin ding may ilang talumpating nagbanggit tungkol sa krisis na pinagdaanan o pinagdadaan ng sambayanan kung kaya't may pangangailangan sa matatas at matatag na pamumuno. Iba't iba ang dahilan ng krisis. Minsa'y pulitikal o pang-ekonomiya ang krisis na dala-dala ng nakaraang administrasyon. Minsan nama'y bunsod ito ng mga istruktural o kondisyunal na mga pangyayari. Sa pagtugon sa krisis, may pagkakapareho ang lahat sa pagkilala ng mga animo'y mithiin ng sambayanan, gayundin sa mga pamamaraan kung paano ito makakamit.

Sa dako ng mga taunang talumpati ukol sa kalagayan ng bansa, may mga kategorya ng isyu at usaping nananatili subalit may pagkakaiba sa binibigyang-diin at atensyon ng pangulo. May kinalaman ang mga ito sa ekonomiya, karapatang pantao, kalusugan, agrikultura, trabaho at negosyo, imigrasyon, edukasyon, pabahay, kalikasan, enerhiya, imprastruktura, krimen at batas, krisis na pangkalikasan, proteksyon ng teritoryo, kapulisan at militar, ugnayang panlabas, administrasyon at burukrasya, at programa laban sa kahirapan.

Masasabing may piling isyung higit na pinagtuunan ng pansin ang bawat pangulo. Para kay Aquino, ang pulitikal na mga isyu tulad ng karapatang pantao at seguridad ng bansa laban sa internal na mga hamon nito ang binigyang-pansin. Nataon ding sa panahon ni Aquino naisama sa talumpati ang krisis matapos ang lindol na nangyari noong Hulyo 1990. Sa katapusan ng kanyang panunungkulan, binigyan ng higit na pansin ang ekonomiya.

I am grateful for the authority you have given me today. And I promise to offer all that I can do to serve you. It is fitting and proper that, as our people lost their

rights and liberties at midnight fourteen years ago, the people should formally recover those lost rights and liberties in the full light of day (Aquino 1987).

My assessment of the peace and order situation is mixed. With regard to the insurgency, the tide has turned—I believe permanently. The main weapons were democracy, a greater concern by government for rural needs, the economic recovery, a heightened respect for political and human rights, and a deeper commitment to their proper mission on the part of the Armed Forces (Aquino 1989).

We gather today at a most crucial time in our history. Seven days ago, a large portion of our country was rocked by one of the most serious natural calamities we have ever experienced: an earthquake which registered at magnitude 7.7 in the open-ended Richter scale, and intensity 8 in the Rossi-Forel scale near the epicenter... 9 of our cities and 39 municipalities in 15 provinces lay damaged; some, almost totally devastated (Aquino 1990).

...the massive December 1989 military revolt that cut short a second economic recovery, after the dislocation caused by the earlier August 1987 coup attempt. That one strangled the powerful rebound of the Philippine economy after the EDSA Revolution (Aquino 1991).

Itinuloy ito sa pagkapangulo ni Ramos at iniugnay sa pangangailangan ng pagbukas ng ekonomiya sa harap ng programang liberalisasyon. Napapaloob ang mga polisyang ito sa kanyang estratehiyang tinawag na “*Philippines 2000*.” Iniugnay rin ang pangangailangan ng reporma sa ekonomiya upang makamit ang kaunlaran. Pinagpatibay ang pangangailangan ng pagsasaayos sa mga institusyon ng pamamahala at pagbubuhay sa potensyal na industriya.

*...we now know that development cannot take place in our country unless we put our house in order. And this, to me, means accomplishing three things: One, restoring political and civic stability. Two, opening the economy: dismantling monopolies and cartels injurious to the public interest, and leveling the playing field of enterprise. Three, addressing the problem of corruption and criminality. These three tasks once completed shall secure the environment for self-sustaining growth and enable the government to positively and consistently act in the national interest. Our strategic framework to establish effective government of putting our house in order so that our drive for development can begin, we call “*Philippines 2000*.” “*Philippines 2000*” has two components. The first is the medium-term Philippine development plan for 1993-1998 (MTPDP 93-98). Guided by the principles of people empowerment and global excellence, it proposes specific policies and programs to stimulate economic activity and mobilize the entrepreneurial spirit in ordinary Filipinos... The second component of *Philippines**

2000 addresses the larger environment the political, social, and cultural climate in which economic growth must take place (Ramos 1993).

Binigyang-pansin naman sa pagkapangulo ni Estrada ang problema ng kahirapan at korapsyon. Halimbawa, isiniwalat ni Estrada ang magarbang paggastos para sa pagdiriwang ng sentenaryo ng pagkabansa ng Pilipinas kahit na may mas mahahalaga pang dapat pagkagastusan. Sa kanyang mga talumpati, paulit-ulit na nasasambit ang salitang “masa” kumpara sa mga talumpati ng ibang pangulo. Naging pundasyon sa programa ni Estrada ang kahalagahang maiangat sa kahirapan ang masang Pilipino sa pamamagitan ng pagpapabuti sa sektor ng agrikultura at mga serbisyong panlipunan kaugnay ng kalusugan, edukasyon, at pabahay. Nakilala rin si Estrada sa kanyang adbokasya laban sa krimen.

The problems we face are of such magnitude as to require nothing less than heroic and concerted action. We must move upon them as a single community, bound together by common rules that we all agree to respect and obey. To begin with, we have to reduce the cost of governance, costs that go higher and higher with each corrupt act, with each wasteful project. Bilyun-bilyong piso ang nawawala sa mga proyektong maaksaya at kulang sa silbi, at lalong malaki pa ang nawawalang parang bula dahil sa patuloy na kurakot. Business pays taxes, but mostly into the pockets of BIR agents or customs examiners instead of the national treasury. In 1998 alone, we can save as much as thirty four billion pesos from pork barrel. 4.6 billion pesos went to the centennial celebration, but the Department of Social Welfare had to beg for one hundred million pesos in emergency food aid to drought victims in Mindanao, and did not get it (Estrada 1998).

Walang dadaig kay Erap sa pagmamalasakit sa masa. Kaya magsamasama na tayo (Estrada 1999).

Our premise is that the most effective way of eradicating poverty is through sound, non-inflationary growth and development. This, however, must be complemented by focused interventions that aim directly at poverty reduction. Hence, the high priority accorded by my government to agriculture and the rural areas, education, health, housing, and agrarian reform... The Philippine National Police will continue to pursue its policy of absolute zero tolerance against illegal drugs. It will also continue to professionalize itself in its no-nonsense fight against crime, even as it intensifies its no-nonsense campaign against excessive waistlines (Estrada 2000).

Sa saklaw ng pag-aaral na ito, pinakamahabang nanungkulan bilang pangulo si Macapagal-Arroyo (2001-2010). Sa kanyang unang termino (2001-2004), pagkatapos mapaalis si Estrada sa pagkapangulo, ang ekonomiya at repormang moral ang nanguna sa programa ng kanyang administrasyon. Ang isyu ng tamang pamumuno na may suportang moral mula sa taumbayan para

sa katatagan ng republika ang naging batayan ng kanyang pagkapangulo. Sa ikalawa niyang termino (2004-2010), matapos maluklok muli sa pagkapangulo, mas binigyang-diin niya ang katatagan ng ekonomiya, agenda niya para sa mahihirap, reporma ng administrasyon, at negosyo at trabaho para sa mga Pilipino.

We must improve moral standards in government and society, in order to provide a strong foundation for good governance... To ensure that our gains are not dissipated through corruption, we must improve moral standards. As we do so, we create fertile ground for good governance based on a sound moral foundation, a philosophy of transparency, and an ethic of effective implementation (Macapagal-Arroyo 2001).

To succeed, the template of our national agenda must revolve around four components: apat na elemento ng pakikibaka sa kahirapan... And the fourth component is to raise the moral standards of government and society. Moralidad sa gobyerno at lipunan bilang saligan ng tunay na kaunlaran (Macapagal-Arroyo 2001).

The state of our nation is a strong economy. Good news for our people, bad news for our critics. Since then, our economy posted uninterrupted growth for 33 quarters; more than doubled its size from \$76 billion to \$186 billion. The average GDP growth from 2001 to the first quarter of 2009 is the highest in 43 years. Bumaba ang bilang ng mga nagsasabing mahirap sila sa 47% mula 59%. Maski lumaki ang ating populasyon, nabawasan ng dalawang milyong ang bilang ng mahihirap (Macapagal-Arroyo 2009).

Para naman kay Aquino III, mahalagang maibangon ang lipunan mula sa mga naranasan nitong korapsyon sa pamamahala. Naging pangunahin sa kanyang diskurso ang pakikipaglaban sa katiwalian at korapsyon. Gamit ang tayutay ng “tuwid na daan” pinosisyon ni Aquino III ang relasyon ng kahirapan sa korapsyon. Gayundin, itinaas niya sa moral na pedestal ang kahalagahan ng pampublikong pananagutan at kalinisan sa pamamahala bilang kasagutan sa kahirapan. Kasabay nito, binigyang-diin din ni Aquino III ang ekonomiya at serbisyong pampubliko. Binigyang-diin ni Aquino III ang pagbabago—na isa ito sa mga mithiing nais matamasa ng mga Pilipino bilang pamamaraan sa pag-unlad. Higit pa, na ang pagbabago sa bansa ay dulot ng “malasakit, pakikipagkapwa, at pagkakawang-gawa.”

Kayo ba ay minsan ring nalimutan ng pamahalaang inyong iniluklok sa puwesto? Ako rin. Kayo ba ay nagtiis na sa trapiko para lamang masingitan ng isang naghahari-hariang de-wangwang sa kalsada? Ako rin. Kayo ba ay sawang-sawa na sa pamahalaang sa halip na magsilbi sa taumbayan ay kailangan pa nila itong pagpasensiyahan at tiisin? Ako rin. Katulad ninyo ako. Marami na sa atin ang bumoto gamit ang kanilang paa-nilisan na nila ang ating bansa sa kanilang

paghahanap ng pagbabago at katahimikan. Tiniis nila ang hirap, sinugod ang panganib sa ibang bansa dahil doon may pag-asa kahit kaunti na dito sa atin ay hindi nila nakikita (Aquino III 2010).

Narinig po ninyo kung paano nilustay ang kaban ng bayan. Ang malinaw po sa ngayon: ang anumang pagbabago ay magmumula sa pagsiguro natin na magwawakas na ang pagiging maluho at pagwawaldas (Aquino III 2010).

Sa isang banda po ay ang pagpili para sa ikabubuti ng taumbayan. Ang pagtanaw sa interes ng nakakarami; ang pagkapit sa prinsipyo; at ang pagiging tapat sa sinumpaang tungkulin bilang lingkod-bayan. Ito po ang tuwid na daan... Sa administrasyon po natin, walang kota-kota, walang tongpats, ang pera ng taumbayan ay gagastusin para sa taumbayan lamang (Aquino III 2010).

Kaakibat ng pagtaas ng kumpiyansa sa ating mabuting pamamahala, ang patuloy na pag-angat ng ating ekonomiya. Ang resulta: dalawang magkasunod na ten-place jump sa Global Competitiveness Index ng World Economic Forum. Sa unang pagkakataon, nakuha natin ang investment grade status mula sa dalawa sa tatlong pinakatanyag na credit ratings agencies sa mundo, at hindi malayong sumunod ang ikatlo (Aquino III 2013).


Ngayon, tinatamasa na natin ang pagbabago. Mula ito sa mga butil ng malasakit, ng pakikipagkapwa, ng pagkakawang-gawa; nanggaling ito sa milyun-milyong Pilipinong kahit sa pinakapayak na paraan ay nagkusang makiambag sa transpormasyon ng bansa (Aquino III 2013).

Pag-uugnay ng mga Talumpati

Bilang dagdag na obserbasyon at batay sa mga kwalitatibong ebidensyang naipakita sa itaas, masasabing may mga pinag-ukulan na tema ang bawat talumpati ng Pangulo. Kung susumahin ang bilang ng pagsambit sa mga kataga sa mga talumpati ukol sa mga ito—“ekonomiya,” “kahirapan,” “reforma,” “korapsyon,” at “seguridad” (tingnan ang Figura 2), makikitang madalas ang pagsambit sa mga temang may kinalaman sa ekonomiya at reforma mula 1986 hanggang 2013.

Mapapansin na sa lahat ng mga talumpati, may ilang hayag na pagkakapareho sa pagkakabalangkas at pagkakasulat ng mga ito. Halimbawa, madalas ay nagtatapos ang isang talumpati sa mga katagang Filipino (e.g. “Mabuhay ang Pilipinas!,” “Magkaisa tayo. Magtulungan tayo. Maraming salamat po!,” “Mabuhay ang Pilipino!,” “Buhay na buhay na ang Pilipinas at ang Pilipino!,” “Ako po si Noytoy Aquino; ipinagmamalaki ko sa buong mundo: Pilipino ako. At talagang napakasarap maging Pilipino sa panahong ito. Maraming salamat po. Magandang hapon sa lahat!,” atbp.).

Figura 2
Atensyon ng mga Pangulo sa Piling Tema



Taguibao 2013

Sa lahat ng talumpati, laging may panawagan para sa pagkakaisa. Walang pangulo ang nagtalumpati na hindi isinama ang kahalagahan ng pakikilahok o pakikiisa ng mamamayan o nagsabing maaaring makamit ang mga mithiin sa pamamagitan lamang ng kanyang pamumuno. Ang pagtawag sa pakikilahok at pagkakaisa ay karaniwa’y sinasabi sa katapusan ng bawat talumpati.

Do not let anyone dictate to us where our national pride should be. We know where it lies: In a sense of our past and a sense of our destiny; in the confidence of what we can make of this nation when we are united again by trust. We saw what can be. A vision was born in EDSA. A vision of the future, of a people standing together, not just for four days on a highway, but on and on as a nation (Aquino 1988).

This nation will endure, this nation will prevail and this nation will prosper again-if we hold together. Before us lies the challenge: Come then, let us meet it together. With so much for us to do, let us not falter. With so little time left in our hands, we cannot afford to fail. And with God’s blessing for all just causes, let us make common cause to win the future (Ramos 1992).

Muli akong nananawagan sa lahat ng ating mga kababayan na tayo ay magkaisa at magsikap para sa ating kaunlaran, katahimikan, at magandang kinabukasan. Maraming salamat po sa inyong lahat (Estrada 1999).

Join me, therefore, as we begin to tear down the walls that divide. Let us build an edifice of peace, progress, and economic stability. People Power has dramatized the Filipino's capacity for greatness. People of People Power, I ask for your support and prayers. Together, we will light the healing and cleansing flame (Macapagal-Arroyo 2001).


Alam kong tayong lahat ay naghahangad ng isang makabuluhang pagbabago para sa ating bayan. Tayong lahat ay nagsisikap para matamo ang kapayapaan at kaunlaran. Kung kaya't ako'y nakikiusap na tulungan ninyo ako, para sa kapakanan ng taong bayan (Macapagal-Arroyo 2005).

Layunin ko na sa pagbaba ko sa katungkulan, masasabi ng lahat na malayo na ang narating natin sa pagtahak ng tuwid na landas at mas maganda na ang kinabukasang ipapamana natin sa susunod na henerasyon. Samahan ninyo ako sa pagtatapos ng laban na ito. Tayo na sa tuwid na landas (Aquino III 2010).

Kaya't sa tanong kung tungkol kanino ang nilalaman ng talumpati, maaaring makita ang empirikal na kasagutan sa oryentasyon ng pagpapahayag ng pangulo. Lumalabas na kahit na may mga talumpati na tila nagbibigay ng mas mabigat na pokus sa nagsasalita kaysa sa kinakausap, gamit ang mga panghalip na “ako,” “ko,” “akin,” masasabing madalas hindi makasarili ang oryentasyon ng mga ito. Batay sa semantiko at empirikal na pagbilang ng mga salita (tingnan ang Figura 3), madalas na nakalalamang ang paggamit ng mga batayang wika na nagsasalarawan ng kolektibo (1st Person Collective at 3rd Person Collective) pinag-isang gawa o pinagsama-samang pagsisikap.

Mahalalata rin ang pagpapalit ng wika (“code switching”) sa ilang bahagi ng mga talumpati. Bukod kina Estrada at Aquino III na dominante ang paggamit ng wikang Filipino sa kanilang mga talumpati, ang mga gumamit ng dominanteng wikang Ingles ay nagpapalit, kahit panandalian, ng kanilang mga pangungusap at pananalita tungong wikang Filipino. Bihira lamang ang nagbigay ng talumpating walang sinambit o ginamit na salitang Filipino. Ang pagpapalit ng wika sa isang talumpati ay pagpapakita na nagbabago ang oryentasyon o kinakausap ng nagtatalumpati. Mahalaga ang obserbasyong ito sapagkat pagpapakita ang ganitong pamamaraan na iba't iba ang katauhan at uri ng kinakausap ng pangulo. Bukod dito, maoobserbahan ding pamamaraan ng pagbibigay-diin ang pagpapalit ng wika. Madalas sa mga talumpati, bunsod ang pagpapalit ng wika tungo sa wikang Filipino ng pagbibigay-kahalagahan sa isang kaisipang naunang nahayag sa wikang Ingles. Kaya't masasabing ang pagpapalit ng wika ay hudyat ng konsiderasyon ng nagtatalumpati sa wika ng tagapakinig at pamamaraan din upang maipahiwatig ang sakop ng kapangyarihan ng diskursong sinusulong ng nagtatalumpati.

Figura 3
Oryentasyon ng mga Talumpati Batay sa mga Panghalip



Taguibao 2013

DISKUSYON:
PAGPAPALAWAK NG PAKIKIPAGKAPWA SA UGNAYANG PULITIKAL

Ang mga talumpati at pagtatalumpati ng mga pangulo ay masasabing retorikal na pamamaraan na nagpapakita ng ugnayang pulitikal sa pagitan ng namumuno at ng mamamayan. Higit sa opisyal na pagmungkahi ukol sa mga kaganapang may direktang epekto sa buhay ng mamamayan at lipunan, nagpapakita ang mga talumpati kung paanong pinagtibay ang ugnayan, gayundin ang diskurso ng pamamahala. Dahil tradisyunal na isang *monologue* ang pagtatalumpati, ang kapangyarihan ng tagapagsalita—ang kanyang pagsasalarawan ng realidad, ng ibang tao, ng kanyang kausap ang dominanteng nagiging batayan ng ugnayan.

Tunay na mahalaga ang pagbibigay-pansin sa kapangyarihan ng talumpati lalo na sa larangan ng pagpapakita ng nagtatalumpati ng mga imahen, simbolo, saysay, at kahulugan; at kung paano ito ipinararating sa mga tagapakinig upang maging katanggap-tanggap (Ileto 1998). Kung kaya't masasabing isang pamamaraan ito ng komunikasyon at *pakikipagkapwa* sa pagitan ng pangulo at mamamayang may ugnayang pulitikal.

Pagtatalumpati bilang Pagbibigay-alam

Naglalaman ang mga talumpati ng pangulo ng iba't ibang nais ipabatid at imungkahi ng pangulo. Sa Kanluraning pananaw, ang ganitong uri ng mga talumpati ay balangkas, banghay o listahan ng mga paksain at usaping nais ipamahagi ng pangulo. Subalit, dapat usisain ang pamamaraang ginagamit sa pagtatalumpati. Sa paanong paraan ipinapaabot ang mga nais ipabatid at imungkahi ng pangulo? Masasabi bang ang mga ito'y utos, plano o direksyon? Madalas na sa Kanluraning pananaw, listahan ng polisiya ang mga talumpati ng pangulo. Ilan sa mga pantas na nag-aaral ng pulitikal na proseso ng paggawa ng polisiya ang sumusuri sa mga talumpati tulad ng mga siniyasat sa pag-aaral na ito sa intensyong malaman ang atensyon at mga isyung binibigyan ng halaga ng namumuno. Napapaloob ang lahat ng ito sa tinatawag na "*agenda setting stage*" o panimulang pagbabalangkas ng parametro at sinasakupan ng mga usapin (Sabatier 2007; Birkland 2011).

Sa pagkakataong ito, mas nabibigyang-diin ang laman ng talumpati kaysa sa diwa at mga dahilan sa likod nito at ng okasyon ng pagtatalumpati. Gayundin, nabibigyang-diin ang pamamaraan ng pagtatalumpati. Sa pinakalantay na antas, masasabing ang pagtatalumpati ay pagbibigay-alam sa mamamayan at taumbayan kung ano ang nasa isipan ng pinuno—sa kasong ito, ng pangulo ng Pilipinas. Naipapaalam sa mga tagapakinig (o tagapanood) ng talumpati ang mga usaping sa tingin ng pangulo ay kinakailangang pag-usapan, ang mga problema na dapat bigyang-lunas, at higit sa lahat, ang mga nabanghay na mithiin para sa sambayanan. Batay sa ebidensyang naipakita, iba't iba ang mga usapin at isyung binibigyang-atensyon ng pangulo. Kinakailangang ipagpaalam ito sa taumbayan upang maipakita ang halaga ng mga isyung ito sa lipunan, gayundin upang makalikom ng pag-intindi at suporta ang pangulo mula sa mga kasama niya sa pamamahala at sa publiko.

Ang laman ng talumpati ay iba't ibang uri ng impormasyong isinasapubliko ng pangulo. Sa pagbalangkas ng kanyang mga programa, ang mga ito ang nagsisilbing batayan ng desisyon at kilos ng pamahalaan. Ang mga ito rin ang nagsisilbing pamantayan upang sa susunod na pagsisiyasat ay malaman kung may mga nakamit o nagawa ang isang administrasyon ayon sa ibinalangkas na mga plano.

Ang pagbibigay-alam sa mga plano at programa ng pangulo sa mamamayan ay palasak sa iba't ibang sistemang pulitikal. Bahagi ito ng pampublikong pananagutang mayroon ang mga pinuno lalo na sa mga sistemang liberal-demokratiko. Nagbabago lamang ang istilo at pagbibigay-alam gamit ang pagtatalumpati kaya't mahalagang tingnan ang pamamaraan kung paano nakikiitungo ang mga pangulo sa mamamayan sa nasabing okasyon.

Sa retorika, ang pagbibigay-alam ay indikasyon ng kapangyarihan. Ang pagbibigay-kahulugan sa katotohanan at saysay ay bahagi ng diskurso kung saan ang pagbibigay-alam ay konstruksyon ng makapangyarihan. Batay dito, masasabing nakabatay ang plano at programang ibinabalangkas ng pangulo hindi lamang sa isang ekspertong interpretasyon ng mga usapin at isyu. Pagpapakita rin ito ng kapangyarihan ng pangulo bilang pinunong batis ng katotohanan. Ang atensyong ibinibigay niya sa piling isyu, ang pagpapahalaga na ibinibigay niya sa mga usapin, at ang transpormasyon ng mga ito mula sa pagiging “isyu” tungo sa pagiging “problema” or “suliranin” ay nakabatay sa kapangyarihan ng pamunuan. Samakatwid, may kakayanan ang retorikang maging bahagi ng transpormasyong ito (Wodak at Meyer 2009).

Ang pagtanggap dito ng mamamayan ay pagpapatibay na may naghaharing ugnayan ng pulitika at kapangyarihan sa pagitan nila at ng pangulo. Ngunit may hangganan ang pagtanggap na ito ayon kay lleto (1998). Ang lehimitasyon ng impormasyon at kaalaman mula sa pamunuan ay isa ring bahagi ng ugnayang pulitikal—hindi lamang ang kapangyarihan ng awtorisadong impormasyon ang siyang batayan kundi ang pagiging katanggap-tanggap nito sa mamamayan.

Nasasaklaw rin ito sa kultural na aspeto ng pulitika kung saan, dagdag sa retorika, may kinalaman ito sa pagbibigay-kahulugan at saysay (Soon 2008). Nakabatay rin ang pagiging katanggap-tanggap ng mga impormasyon at kaalaman sa konteksto ng tagapakinig na siya ring nakikilahok sa pagdedesiyon kung ano ang dapat pag-ukulan ng lehimitasyon. Sa ganitong antas, masasabing mayroon ding hangganan ang retorikal na mekanismong nakabatay sa lehimitasyon ng mamamayan. Ang tahasang di-pagtanggap sa ibinibigay-alam ng pamunuan sa mamamayan ay repleksyon ng pagkahina ng diskurso ng kapangyarihan (lleto 1998).

Ang talumpati ng pangulo ay hindi lamang teksto. Ang mga salita at sambit ay may elemento ng kapangyarihan. Ang impormasyong kanyang ibinabahagi sa proseso ng pagbibigay-alam ay saklaw rin ng kapangyarihan. Bukod dito, ang talumpati ng mga pangulo ay mayroon ding elemento ng komunikasyon at naroon ang pagnanais sa pagiging katanggap-tanggap nito. Ang pamamaraan ng pagbabahagi at pagbibigay-alam, upang maging katanggap-tanggap ito, ay makikita sa paghahabi ng talumpati. Isang pamamaraan ng pagpapaunawa ang paggamit ng *lingua franca* sa pakikipag-usap ng pangulo sa mamamayan (Javier 2012). Higit din dito ang mga ekspresyon ng pakikitungo at *pakikipagkapwa* na siyang tatalakayin sa susunod na seksyon.

Pakikipagkapwa sa Pagtatalumpati

Lumalabas sa pagsusuri ng mga talumpati at sa pagkakasulat ng mga ito na mayroong iba’t ibang moda, uri, at antas ng *kapwa/pakikipagkapwa* na mapapansin. Kung titingnang mabuti, hindi lamang simpleng *pakikitungo* ang ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan. Batay sa mga nasuring talumpati, maraming okasyon sa mga talumpati na nagpapakita ng pagdamay ng pangulo sa mga usaping hinaharap ng taumbayan lalo na yaong may kinalaman sa paghihirap, sakuna, pagmamalabis, at pang-aabuso. Batay sa mga naipakitang sipi sa itaas, ang pangulo ang

siyang kumikilala at pumupuna sa mga problema ng mamamayan. Siya rin ang nagsasalarawan at nagbibigay-linaw sa mga krisis na nararanasan ng taumbayan. Higit pa sa mga ito, sa kanyang mga mungkahi ipinapahiwatig ang pangangailangan ng tugon o di kaya’y nagpapaliwanag kung ang mga tugon sa mga hamon ay di agarang magagawa. Maaaring may kinalaman ang mga problema sa ekonomiya, seguridad o krisis pandaigdig. Katuwang ng pagtawag sa pakikilahok, iniugnay ng pangulo ang kanyang pamunuan bilang batis ng solusyon sa mga krisis at problemang hinaharap ng sambayanan.

Naipaparamdam din sa mga talumpati ang pag-aaruga kung saan nagsasalita ang pangulo hindi lamang bilang pormal na pinuno ng isang sistemang pulitikal kundi bilang isang mapag-alagang kapatid o kaibigan—isang *kapwa* Pilipino. Halimbawa, ang pagtawag ni Aquino sa mamamayan bilang mga kapatid sa panahon matapos ang diktaturya ay pagpapakita ng mala-pamilyang ugnayan.

My brothers and sisters: I am grateful for the authority you have given me today. And I promise to offer all that I can do to serve you. It is fitting and proper that, as our people lost their rights and liberties at midnight fourteen years ago, the people should formally recover those lost rights and liberties in the full light of day (Aquino 1986).

Gayundin, may pagpapakita si Fidel Ramos na bahagi rin siya ng taumbayang may mithiin para sa sambayanan.

I share their vision of what our nation can become. This nation will endure, this nation will prevail and this nation will prosper again—if we hold together. Before us lies the challenge: Come then, let us meet it together (Ramos 1992).

Naroon din ang kay Joseph Estrada bilang “Erap”—ang kanyang ginamit na imahen sa pinilakang tabing bilang tagapagtanggol ng masang Pilipino at lumalaban sa kahirapan.

Kalayaan sa isang mapang-aping kahirapan. Isang bayang ligtas sa takot, at ang lahat ay pantay-pantay sa pagkakataon. Nasa diwa at puso ng bawa’t Pilipino ang kalayaan. Sa bansang ito, isang daang taon na ang nakakaraan, nasulyapan sa Asya ang unang liwanag ng kalayaan. Samahan ninyo si Erap, upang bigyan natin ng kakaibang ningning ang kalayaang buhat sa masang Pilipino (Estrada 1998).

Para naman kay Macapagal-Arroyo, kalakip ng tinanggap niyang tungkulin ang pangako at paninigurong gagampanan niya ang mga ito sa tulong ng taumbayan.

But for me to do all these, I need you. I cannot do these alone. I will need every single Filipino to come together, get involved and help us bind the wounds of the past. I will need every single Filipino to get our nation healthy for tomorrow...

Now, is our time to march forward as one. I seek your wisdom and I trust in your commitment to the common good, to the swift actions you will take. And finally, I challenge myself and our government to live up to the highest standards of honesty and competence in the public service (Macapagal-Arroyo 2004).

Naroon din ang mga pagkakataong madarama mula sa talumpati ng pangulo ang malalim na pagmamalasakit, pakikiisa, pagpapahalaga sa mga saloobin ng taumbayan.

[Sa] mga kapwa ko nagseserbisyo sa taumbayan; at sa aking mga Boss, ang mga minamahal kong kababayan: Isang magandang hapon po sa inyong lahat... Alam naming hindi masosolusyunan sa isang tulog, sa isang taon, o kahit pa sa anim na taong termino ng isang Presidente ang lahat ng problema ng bansa. Pero simulan mo lang, at tiyak, kasama mo kaming mag-aaruga nito... Sa bawat Pilipinong nagtitiwala sa kapangyarihan ng maliliit na anyo ng kabutihan: Kayo nga po ang gumawa ng pagbabago. SONA po ninyo ito... Sa patuloy nating pag-aambagan at pananalig sa kapwa at sa Maykapal, sinasabi ko po sa inyo: Kayo pa rin ang sisigurong magpapatuloy ang ating nasimulan; kayo ang sisigurong mabubura na nang tuluyan ang mukha ng katiwalian; kayo ang sisigurong hinding-hindi na tayo muling lilihis sa tuwid na daan (Aquino III 2013).

Mula 1986 patungong 2013, mas nahahalatang nagiging impormal at maluwag ang pagtatalumpati ng mga pangulo. Gayundin, mas nagiging konsistent ang paggamit ng mga salitang pangkolektibo at inklusyonaryo. Nakikita rin ito sa bilang ng pagpapalit ng wika sa iba't ibang bahagi ng talumpati. Tulad ng nasabi sa itaas, maaaring sabihing ang pagpapalit ng wika ay upang lalong makapagbigay-diin sa pagpapaliwanag ng nagtatalumpati. Subalit higit dito, maaari rin itong tingnan bilang paraan ng pangulo na baguhin o palakihin ang mga maaaring makaintindi sa kanya—ang kanyang mga tagapanood at tagapakinig. Naangkop ang kaisipang ito dahil ang pagsasaradyo, pagsasatelebisyon, at paglalathala ng mga talumpati sa internet ay nagpalawak ng bilang at uri ng mga tagapakinig sa talumpati ng pangulo. Dahil dito, nararapat lamang na maging madali at mabilis sa pag-angkop ang pangulo sa kanyang sasabihin sa mamamayan mula sa iba't ibang panig.

Sa koleksyon ng mga talumpati, nararapat na mabigyang-atensyon ang mga talumpati ni Aquino III. Tulad ng nasabi sa naunang seksyon, gumamit si Aquino III ng wikang Filipino sa kabuuan ng kanyang mga talumpati. Kung ihahambing sa mga talumpating naisulat sa wikang Ingles, o yaong pinaghalong Ingles at Filipino, masasabing nagpakita ang mga talumpati ni Aquino III ng kakayanang impormal—ang magkaroon ng kaluwagan o *latitude* kahit na nananatiling seryoso ang tono. Makikita ito sa mga pagkakataong makapagbiro, makagamit ng talinghaga at tayutay, tulad ng nabanggit sa artikulo ni Javier (2012). Sa ganitong pamamaraan, masasabing lihis ito sa isang matigas na ugnayang hirarkikal o awtorisadong pagmumungkahi sa mga tagasunod. Bagkus, mas pamilyar at mas malapit sa mamamayan ang pamamaraan ng komunikasyon at pakikitungo. Sensitibo ang mga talumpati sa wika at pagpapakahulugang dala nito kung kaya't maaaring matukoy na may *pakikipagkapwa* na paghihiwatig ang mga ito.

Pagtatalumpati at ang “Loob” ng Pangulo?

Kung sa naunang bahagi ng papel na ito, nasabing naisasalarawan ng *kapwa/pakikipagkapwa* ng pangulo ang kanyang pagkatao at *kalooban*, batay sa nasuring ebidensya, maaaring bang makapagbigay ng konklusyon hinggil dito? Maaari bang malaman ang antas at kalagayan ng *loob* ng isang pinuno tulad ng pangulo batay sa kanyang aksyon? Muli, malinaw na binigyang-diin ni Enriquez (1977, 1978) na kinakailangang mag-ugat sa *kagandahang loob* ang *pakikipagkapwa*. Ang *pakikipagkapwa* bilang isang kilos, gawa o paninindigan ay kinakailangang magsalamin ng kabutihang walang halong motibo. Higit pa rito, dahil sa ang konsepto ng *kapwa* ay may ibig sabihin ding panunupil at pagpipigil sa sarili (“*denial of self*”) at pansariling interes, nararapat lang na hindi makasarili ang *pakikipagkapwa*.

Sa retorikal na antas, maaaring naipakita sa mga talumpati ng mga pangulo ang kanilang *kalooban*. Batay sa mga talumpati, nakita ang kanilang pagkatao, emosyon at ninanais na uri ng pakikitungo at *pakikipagkapwa* ng mga pangulo. Nagpapahiwatig ang mga salitang ginamit sa pakikipag-usap ng pangulo sa mamamayan ng mithiin ng pamunuang maging katanggap-tanggap at maintindihan ang mga saloobin ng pangulo hindi lamang ukol sa mga isyu kundi kasama na rin ang pananaw nito sa sambayanan. Mahalaga ang retorikang ito sa pagpapanatili sa diskurso ng kapangyarihang nagpapatibay sa ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan.


Dagdag pa rito, masasabing sa antas na ito kung saan ang retorika ay awtentiko at konsistent ang saloobin ng mga pangulo na mapabuti ang kalagayan ng mamamayan. Gayundin, ipinapakita sa antas-retorikang inaamin ng pangulo sa taumbayan ang kanyang limitasyon kung kaya’t laging may tawag ng pakikilahok at pagkakaisa. Isa itong indikasyon ng demokratikong ugnayan sa pagitan ng pangulo at mamamayan; patunay na ang kapangyarihan ay may katuwang na tulong-bayan at lehimasyon mula sa mamamayan.

Dahil limitado ang pagaaral na ito sa retorikal na pagsusuri, kinikilala ng may akda ang patuloy na tensyon sa pagitan ng retorika at realidad. Ang retorikang inihahayag sa mga talumpati ng pangulo ay nakakahubog sa konteksto at realidad. Katuwang nito, nagbubunga rin ito ng ilang mahahalagang katanungan ukol sa *pakikipagkapwa* at *loob* sa ugnayang pulitikal ng pangulo at mamamayan.

Paanong makakasigurong tunay na nakaugat sa *kagandahang loob* ang isang nasabing gawang batay sa *pakikipagkapwa*? Sa paanong pamamaraan malalaman ng manunuri o mananaliksik kung *mabuti* nga ba ang *loob* ng isang tao? Anu-anong pamantayan ang kinakailangan upang lalong mabigyan ng kahulugan ang antas at uri ng *kalooban* ng isang tao? At anong lohika ng metodolohiya ang kinakailangang madalumat at mabanghay bilang tugon sa pangangailangang ito?

Kahit na hinaharap ang mga konseptwal at metodolohikal na hamong ito, maaaring sa panimula, mapagkunan ng ideya at simulaing impresyon ang pananaw ng mamamayan sa pangulo. Masasabing pangitain ang lehitimong pagtanggap sa pamunuan ng pangulo ng pagsang-ayon ng

Figura 4
Pagtanggap ng Mamamayan sa mga Pangulo



SWS 2013

mamamayan sa pamamaraan ng pamamahala at karakter ng pangulo. Nariyan ang mga sarbey ukol sa pagtanggap ng mamamayan sa pamamahala at administrasyon ng isang pangulo (tingnan ang Figura 4). Batay rito maaaring pahapyaw na masilayan ang pagtingin ng mamamayan sa isang administrasyon sa konteksto ng pagbabago ng panahon at pagpapalit sa mga binibigyang-diing diskurso at retorika.

PAGTATAPOS

Kinikilala ng Kanluraning oryentasyon ng agham pampulitika ang interes ng pulitikal na aktor sa pangkabuuang balangkas ng pagsusuri ng ugnayang pulitikal. Dahil pinag-iiba ang “sarili” (“self”) at “iba” (“others”), ang interes ng mga aktor ay maaaring maging pansarili o di kaya, para sa mas malawak na asosasyon o grupo. Ngunit palaisipan pa rin noon pa man sa agham pampulitika at pilosopiya ang pagkakaroon ng relasyong makatarungan at nakabatay sa *pakikipagkapwa* at

pagkamakatao habang itinuturing na may pagkakaiba-iba sa interes. Lumalabas na sa oryentasyong Kanluranin sa agham pampulitika, dominante ang iskeptisismo bilang pangunang pagtingin sa interes at ugnayang pulitikal. Samakatwid, sa puntong ito kung saan may pagkawala sa pagtuturing sa “sarili” at “iba” sa *kapwa*, kinakailangan ng katuwang na pulitikal na pilosopiya o etikal na pamantayan na maaaring maging gabay sa pagsusuri ng *kapwa*, *loob*, at ugnayang pulitikal. Higit pa rito, dahil tila may pag-iiba sa pagitan ng positibo at normatibong kategorya, kinakailangang linawin ang saklaw at hangganan ng pagsusuri at empirikal na pagsiyasat.

Malaki ang ginagampanan ng retorika sa ugnayang pulitikal. Patunay ang iba’t ibang pagpapahiwatig nito sa mga mungkahi, pagpapahayag, at talumpati na isa itong mekanismong pulitikal. Nagpapatibay (o di kaya’y nagpapahina) ito ng mga diskursong nakakaapekto sa kapangyarihan, pamumuno, at pulitika.

Sa pag-aaral na ito, ipinakitang may namamagitan ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan. Ang ugnayang pulitikal na batay sa retorika ay ipinakita gamit ang mga talumpati ng pangulo mula 1986 hanggang 2013. May mga paglalarawan, pagkakahambing, at pag-uugnay na ginawa sa mga talumpati at ipinakita ang mga nilalamang tema, atensyon sa mga ito at sa kanilang oryentasyon o kausap. Naipakitang may mga pagkakatapat sa mga talumpati pagdating sa mga temang nilalaman nito, gayundin sa pamamaraan ng komunikasyon na ginamit ng mga pangulo—mga salita at ekspresyon. Dagdag pa rito, naipakita rin ang mga temang kanilang binigyang-halaga. Ang mga talumpati ay madalas na may pagtawag sa pakikilahok at pakikiisa. Ang mga pangulong nagtalumpati ay may kani-kaniyang pamamaraan ng pakikitungo sa mamamayan. Ang lahat ay may mithiing maging katanggap-tanggap.

Ayon din sa pag-aaral na ito, ginagamit ang mga talumpati upang makapagbigay-alam at bilang pamamaraan ng *pakikipagkapwa*. Ang kapangyarihan ng pangulo na magpatunay sa impormasyon ay may katuwang na lehimasyon mula sa mamamayan upang maging katanggap-tanggap. Ipinakita sa pag-aaral na ito ang mga pamamaraan upang maipahiwatig ng pangulo ang kanyang pag-aaruga at *pakikipagkapwa* sa mamamayan, sa pamamagitan ng mga talumpati. Isang isyung napansin sa pag-aaral na ito ay may kinalaman sa ugnayang pulitikal, partikular, ang pangangailangang masiyasat din ang konsepto ng lehitimasyon sa konteksto ng kapangyarihan at pulitikang may elemento ng *kapwa* at *loob*.

Dagdag pa rito, naroon din ang ilang konseptwal at metodolohikal na mga isyu na kinakailangang matugunan. Dahil inaaming may mga limitasyon sa pag-aaral na ito, mayroong panawagang mapag-ibayo ang pagsusuri sa konsepto ng *kapwa* at *loob*, gayundin mabigyang-linaw ang isyu ng retorika at realidad. Mahalaga ng mga ito lalo na sa usapin ng metodo pagdating sa empirikal na pagsusuri ng konsepto tulad ng *loob*.

Sa kaso ng pag-aaral na ito, hindi maaaring sabihin nang agaran na sa likod ng animo’y *pakikipagkapwa* ng pangulo sa mamamayan sa okasyon ng kanyang mga talumpati, ay nakaugat na ang gawaing ito sa *kagandahang loob*. Maaaring may mga pagkakataon kung kailan masasabing

may pagkilos na ginawa lalo na sa pagbibigay-alam at pakikitungo ng pangulo sa kanyang pagtatalumpati na ayon sa *kagandahang loob*. Subalit hindi ito sapat upang makapagbigay ng depinitibong siyasat sa uri at antas ng *kalooban* ng pangulo. Makikitang sa ganitong lapit, lumalabas na pragmatiko at nakabatay sa nagawang kilos ang magiging batayan ng pagsusuri. Sa kabilang dako, maaaring nakabatay ang kilos at gawa ng *pakikipagkapwa* sa interes ng pangulo na salungat o hindi ayon sa mamamayan. Kaya't kung sa isang banda ang isang kilos o gawa ay maaaring tunay na *pakikipagkapwa*, maaari rin itong panlabas lamang na kaanyuan o imaheng ipinadama—*pagkukunwari*, *pagbabalatkayo* o *pagbibilog-ulo*. Upang mabigyan ng maayos na pagsusuring empirikal, kinakailangan ang hamong magkaroon ng pilosopiya, metodolohiya, pamantayang makakatulong at praktikal na magagamit sa mga nagsusuri at nagsasaliksik.

Isa pang usaping metodolohikal ang pagsusuri ng ebidensyang hindi gumagamit ng wikang Filipino. Sa pag-aaral na ito, iba't iba ang wikang ginamit at nagkaroon ng pagsusuri batay sa interpretasyon ng may-akda na may kakayanang umintindi ng teksto mula sa pananaw ng wikang Filipino. Inaaming isa itong limitasyon sa pagsusuri at pananaliksik dahil sa pagbibigay-pribilehiyo sa leksikal at semantikal na kalagayan ng teksto (na mas magiging makabuluhan ang isang pagsusuri kung nasa wikang Filipino ito). Subalit, paano naman ang ibang akda, gawa, at tekstong hindi ayon sa ganitong pamantayan? Anong mga metodo ang maaaring gamitin sa pag-aaral gamit ang ganitong mga batis?

Kinakailangang magkaroon ng higit pang pag-uusap sa pagitan ng mga pantas ng *Sikolohiyang Pilipino*, *Pilipinolohiya*, agham pampulitika, at iba pang disiplina sa agham panlipunan upang sa gayo'y makapagbalangkas ng mga metodolohiyang maaaring gamitin ng mga nais magsaliksik gamit ang mga konseptong may diwa at katuturan mula sa lipunang Pilipino. Higit pa, kinakailangang lalong mapagyaman ang iba't ibang uri ng disenyong pampananaliksik upang maging mas makabuluhan at mas nagagamit ang interdisiplinaryo at multidisiplinaryong ugnayan ng *Sikolohiyang Pilipino*, *Pilipinolohiya*, at iba pang agham panlipunan.

Ilan lamang ito sa mga punang umusbong mula sa pag-aaral na ito. Mga puwang ito sa pagdadalumat na kinakailangang matugunan. Maaaring maisama ang mga usaping ito sa mga paksang kinakailangang bigyang-linaw sa pagdadalumat ukol sa *kapwa*, *loob*, at ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan.

Ipinakita sa papel na ito ang magandang pangitain sa pagitan ng *Sikolohiyang Pilipino*, *Pilipinolohiya*, at agham pampulitika. Iniugnay ang konsepto ng *kapwa* mula kay Enriquez at ang konsepto ng *loob* mula kay Covar sa pag-aaral ng ugnayang pulitikal sa pagitan ng pangulo at mamamayan sa Pilipinas. Inaaming isang panimulang pag-aaral lamang ito. Gayunpaman, inaasahang lalo pang mapapausbong ang mga pananaliksik na tulad nito upang mapagyaman ang pagdadalumat ng mga katutubong konsepto at pananaw na nakaugat at may katuturan sa diwa, kultura, at lipunang Pilipino.

Ipinakita rin sa pag-aaral na itong nasasalamín ang *kapwa/pakikipagkapwa* sa mga talumpati at pagtatalumpati ng mga pangulo mula 1986 hanggang 2013. Iba't iba ang antas at uri ng *pakikitungo* ng mga pangulo sa okasyon ng kanilang pagtatalumpati. Malawak ang uri ng interaksyon sa isang ugnayang pulitikal at maaaring magkaroon ng iba't ibang katangian ang *pakikitungo* tulad ng pagbibigay-alam, pag-aaruga, pagmamalasakit, at pakikiisa. Madarama rin ang *pakikipagkapwa* sa pagtatalumpati ng pangulo kasabay ng mga hayag at matatag na tendensya sa kanyang pakikipag-usap sa mamamayan.

Sa kabilang dako, naging mahirap para sa pananaliksik na ipakita kung tunay nga bang naisasalamín ng *pakikipagkapwa* ng pangulo ang kanyang *loob*. Lumabas sa pagsusuri ang mga kakulangan sa pamantayan ng pananaliksik, metodolohiya, at disenyong pampananaliksik na sana'y makakatulong sa pagtugon sa usaping ito. Nangangailangan ng karagdagang datos tulad ng mga sarbey na may kinalaman sa pananaw at sentimyento ng tao patungkol sa pangulo at sa kanyang pamamahala. Maaaring magamit ang mga ito bilang panimulang batis sa empirikal na pag-aaral ng *loob* sa isang ugnayang pulitikal. Kung kaya't dahil naging limitasyon sa pagsusuri ang mga pagkukulang na ito, may paanyayang kinakailangan pa ng mas maigting na diskusyon sa pagitan ng mga pantas mula sa iba't ibang disiplina upang maipagpatuloy ang pagdalumat, pag-isip, at pagtugon sa mga nasabing usapin.

Sanggunian

- Agpalo, R.E. (1981). The Philippines: From communal to societal *pangulo* regime. *Philippine Law Journal*, 56 (1), 56-98.
- Agpalo, R.E. (1996). *Adventures in political science*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Alejo, A.E. (1990). *Tao po! Tuloy! Isang landas ng pag-unawa sa loob ng tao*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Aquino, C.C. (1999). Mula sa kinaroroonan: Kapwa, kapatiran, at bayan sa agham panlipunan. Nasa A.M. Navarro at F. Lagbao-Bolante (mga pat.), *Mga babasahin sa agham panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at pantayong pananaw*. Quezon City: C&E Publishing, Inc., 2007, 201-240.
- Birkland, T.A. (2011). *An introduction to the policy process: Theories, concepts, and models of public policy making*. New York: M.E. Sharpe, Inc.
- Clemente, J.A. (2011, Enero-Hunyo). An empirical analysis of research trends in the Philippine Journal of Psychology: Implications for sikolohiyang Pilipino. *Philippine Social Science Review*, 63 (1), 1-34.

- Covar, P.R. (1998). *Larangan: Seminal essays on Philippine culture*. Manila: National Commission for Culture and the Arts.
- Education for Life Foundation (ELF) (1997). *LIDER; Pamunuang bayan: Karanasan, katanungan, at kinabukasan*. Quezon City: Education for Life Foundation.
- Enriquez, V.G. (1977). *Filipino psychology in the third world*. Quezon City: Philippine Psychology Research House.
- Enriquez, V.G. (1978). Kapwa: A core concept in Filipino social psychology. *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, 42 (1-4), 100-108.
- Hanan, J. (2011). Rhetoric, materiality, and politics (Review). *Rhetoric and Public Affairs*, 14 (2), 394-397.
- Ileto, R.C. (1998). *Filipino and their revolution: Event, discourse, and historiography*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Javier, R.E.Jr. (2012). Mga tiwala sa daang matuwid at ang mga talinghaga't tema sa talumpati ni P-Noy. *Malay*, 25 (1), 19-34.
- Jose, M.D.dL. at A.M. Navarro (2004). Katawan at kaluluwa sa kronikang Espanyol: Pagtatalaban ng sekswalidad at espiritalidad noong dantaon 16-18. *Daluyan: Journal ng Wikang Pilipino*, 12 (1), 64-80.
- Kasuya, Y. at N.G. Quimpo (2010). The politics of change in a 'changeless land'. Nasa Y. Kasuya at N. Quimpo (mga pat.), *The politics of change in the Philippines*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 1-20.
- Lynch, F. (1964). Social acceptance. Nasa F. Lynch (pat.), *Four readings on Philippine values; Second Revised Edition*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Magno, A. R. (1977). Ilang paunang ulat tungkol sa sikolohiya at pulitika. Nasa L. Antonio, R. Pe, at B. Villanueva (mga pat.), *Ulat ng ikatlong pambansang kumperensya sa sikolohiyang Pilipino: Mga katutubong konsepto at pamamaraan sa lipunang Pilipino*. Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 147-160.
- Miranda, D.M. (1989). *Loob; The Filipino within: A preliminary investigation into a pre-theological moral anthropology*. Manila: Divine Word Publications.
- Miranda, F. (1997). Introduction. Nasa F. Miranda (pat.), *Democratization: Philippine perspectives*. Quezon City: University of the Philippines Press, ix-xviii.

- Miranda, F., T. Rivera, M. Ronas, at R. Holmes (2011). *Chasing the wind: Assessing Philippine democracy*. Quezon City: Commission on Human Rights at United Nations Development Program.
- Paredes-Canilao, N. at M.A. Babaran-Diaz (2013). Sikolohiyang Pilipino: 50 years of critical-emancipatory social science in the Philippines. *Critical psychology in a changing world*. Nakuha noong Hunyo 29, 2013, mula sa Annual Review of Critical Psychology Website: <http://goo.gl/Y2rFn>.
- Pe-Pua, R. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, 3, 49-71.
- Republika ng Pilipinas (RP) (1986-2010). Inaugural addresses of the Presidents of the Philippines. Nakuha noong Pebrero 8, 2012, mula sa Official Gazette of the Republic of the Philippines Website: <http://goo.gl/wQEzSa>.
- Republika ng Pilipinas (RP) (1987). The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines. Nakuha noong Hunyo 25, 2013, mula sa Official Gazette of the Republic of the Philippines Website: <http://goo.gl/rd5PCx>.
- Republika ng Pilipinas (RP) (1987-2013). State of the nation addresses. Nakuha noong Agosto 3, 2013, mula sa Official Gazette of the Republic of the Philippines Website: <http://goo.gl/WyOh3j>.
- Ronas, M. (2006). Introduction. Nasa N. Morada at T.S. Encarnacion-Tadem (mga pat.), *Philippine politics and government: An introduction*. Quezon City: University of the Philippines Press, xi-xxiv.
- Sabatier, P. (pat.) (2007). *Theories of the policy process*. Cambridge: Westview Press.
- Social Weather Station (SWS) (2013, Hulyo 22). Second quarter 2013 social weather survey. Nakuha noong Agosto 1, 2013, mula sa Social Weather Station (SWS) Website: <http://goo.gl/M8654i>.
- Soon, C.Y. (2008). Politics from below: Culture, religion, and popular politics in Tanauan City, Batangas. *Philippine Studies*, 56 (4), 379-384.
- Wodak, R. at M. Meyer (2009). *Methods of critical discourse analysis; Second edition*. London: Sage.